He slid the ring into her finger, goot up and kissed her. The crowd went, "Awwwww." There were a lot of hooting and cheerings from the kitchen staff. But amidst of all the celebration, alam nyang may kulang. "Si Mishe?"

“i’m right here.” Came Mishe’s voice. She and James entered the restaurant, beaming. Agad nya itong nilapitan at niyakap. “I missed you bestfriend.” Sabi nya dito.

“Aw. I missed you more.” Mishe kissed her on the cheek. “I’m so glad hindi ka na tatandang dalaga.”

Napatawa sya. “Adik ka talaga.”

“Alam ko. Kaya nga mahal mo ‘ko eh.”

Tumikhim si Justine. Nilapitan ito ni Mishe at niyakap. “Congratulations pinsan.” She heard her say.

“Same to you pinsan.” Sabi naman nito na ipinagtaka nya. She looked at James with a frown. James grinned and then she finally understands. “You’re her fiance!”

Napatawa silang tatlo. Justine spoke. “i was surprised it took you so long to figure it out.”

She pouted. “Hindi naman kase ako manghuhula eh.”

“Cam. Let’s go.” Hinila sya ni Justine palabas ng restaurant.

“Where are we going?” Takang tanong nya dito.

“Tagaytay.” He replied.

“You know, three years ago, I accidentally made a wish. And I think my wish came true.”

She looked at him. “What did you wish for?” She asked.

He stared at the stars. “ I wished na sana araw-araw na lang birthday ko..para araw-araw mo ‘kong ngingitian.”

She smiled. “I love you Justine.”

He looked at her. “Can you say that again?”

“I love you.” She said.

“Isa pa nga..” Nakangiti nitong pakiusap.

Tumawa sya. “I love y--” She was cut off by his lips. Her heart palpitated. “I love you too.” He said after that.

The end na ulit :)

==========

SAVE YOU

Hi!!! :) I've added this story kase ewan... haha,,, naging gloomy naman ako bigla. And since hindi ko pa madugsungan yung iba at hindi sya matanggal sa isip ko... eto sya ngayon. Hope you don't get too depressed. ^^v

--

All she wanted in her life was to be given a chance to live it as she wants to. But nobody gave her that chance...

--

She covered her ears to baffle the sound of crying, bickering and smashing that’s coming from downstairs. Kagaya kahapon at ng mga nauna pang araw at ng mga nagdaang panahon, nag-aaway na naman ang mga magulang nya. Ang tatay nya ay isang batugan, walang ginawa kundi mag-inom maghapon. Minsan dumadayo ito ng tong its sa kapitbahay. Lahat ng pera na iniipon ng nanay nya na pampaaral sana sa kanila ay napupunta sa mga bisyo ng kanyang ama.

Ang kuya nya, nakakulong dahil nahulihan ng drugs. Ang ate nya... buntis at iniwanan ng boyfriend. Dagdag pakainin na naman, reklamo ng nanay nya. Ang bunso nyang kapatid... pagala-gala sa kalsada, nanghihingi ng pera para sa kumakalam na sikmura.

At sya?

Heto... umiiyak na lang.

She was so tired of all of these. Sometimes she wishes she was never born. Kung alam lang nya sana na ganito ang magiging buhay nya... sana ay noon pa sya bumitiw.

Unable to take any more of the situation, she gets her bag and ran downstairs. School na lang ang nagpapanatili ng katinuan nya. Doon sya pupunta. Sa lugar na masaya...

--

He saw her enter the campus. Mugto ang mata at halatang kaiiyak. He wanted so bad to go to her and offer some comfort pero hindi nya magawa kase hindi sya nito kilala. She was in her fourth year in college. He was in third year. Magka-department sila.

It was her last year in the school yet hanggang ngayon, he still hadn’t mustered the courage to talk to her. He knew her of course. Balitang-balita kase ang pagiging problemado nito sa buhay. Many students gossip about her.

She had no friends.

She was a loner... palaging nasa sulok at nakatulala. Maraming beses na silang nagkakasalubong sa hallway pero palaging derecho ang tingin nito, lampas sa kanya.

He, on the other hand, was quite popular. Gwapo kase sya. At kapag gwapo, pansinin. Pero hindi nya maisip kung bakit kahit isang beses lang... hindi sya mapansin nito.

--

She was walking, she thinks... while her head was somewhere else. Gulo-gulo ang buhok nya at alam nyang namumugto ang mga mata nya. Alam nya rin na pinag-uusapan sya palagi ng mga tao. Minsan, gusto nya silang sigawan. Mga pakialamero kase... Ano bang alam nila?

At dahil nga nasa malayo ang isip nya, hindi nya agad napansin that she was walking towards a post. Mabuti na lang at may humila sa kanya.

She looked up and saw a pair of eyes looking down at her. He was wearing her favorite smile and her heart skipped a beat or two.

“Okay ka lang ba?” Tanong nito sa kanya. She nodded in response at saka nagpatuloy paglalakad.

He was someone that she’d always want but could never have. A girl like her could never have anything she wants.

--

He was still shaken. Shaken by her stare and the gravity that pulled him to her. She was about to hit a post and no one seemed to mind. So he saved her. She didn’t even say thanks. She just stared at him with her teary eyes saka tumango. It was far from what he’d imagined but he wasn’t surprised with her reaction.. or lack of it.

She was a girl of a few words. Kapag pwedeng hindi magsalita, hindi sya magsasalita. He guessed that it’s one of the reasons why she grows sadder every day.

She was always a mess. Messy hair, messy things... messy life. He wanted to see her smile even for once pero parang napaka-imposible.

--

At home, akala nya tapos na. Pero ano’ng nadatnan nya? She saw her father lying in the sofa, beer in hand. She called for her mother. Hinanap nya rin ito sa kusina, sa labahan, sa kwarto nito... pero hindi nya ito makita.

But what she saw devastated her more.

Her mother’s clothes were gone. At alam na nya kung ano’ng ibig sabihin nun. She felt her legs crumble and she fell on the floor, so are her tears.

--

The next day, he was expecting her. He was about to talk to her. Mahirap na, baka maubusan na sya ng chances. He was waiting for her near the gate of the school. Lumipas ang maghapon... pero hindi nya ito nakita.

Kinabukasan, he did the same. Still, he didn’t see her.

He didn’t see her all week. And it made him so sad. But he can’t do anything. Hindi naman nya alam kung san ang bahay nito. He didn’t know her number. He only knows her name... and everything else that he’d observed about her.

--

Her last hope... ran away. This is just too much for her...

Dear life, how cruel of you.

She felt a slice of pain as she carves these words on her arm. She felt herself giving up. She wanted out. She just can’t take it anymore...

Sabi nila, God won’t give you problems that you can’t handle. She smiled bitterly as she remembered that. Maybe God didn’t consider her strengths. Maybe He expected too much from her. Clearly, she wasn’t as strong as He thought she would be.

“Sana lang, sa next life, mas maganda na ang buhay ko. I’ve suffered like hell in this lifetime; maybe it’ll be different on the next. Goodbye world... don’t cry for me...”

Don’t waste your tears.

She felt herself weaken as she let the blood flow from her open wrist. She waited for life to flash before her eyes but all she saw was the blurring image of her dry-painted wall. It wasn’t that much of a life anyway... Sayang lang ang flashback. It won’t bring her any guilt for ending her life...

Her life...

She laughed for the first and last time.

--

Nagulat sya ng biglang may nag-excuse sa klase nila, nanghihingi ng donation. Para daw sa namatay nilang classmate.

“Sino’ng patay?” Tanong nya dun sa fourth year.

When they told him, he stood in shock. Nagtataka yung mga classmate nya sa kanya but he didn’t care. He ran outside, blinded by his tears; he didn’t know where he was going. But he kept on running anyway.

At last, he was stopped by an uprooted tree. Nadapa sya. How he wished na sana sa pagbagsak nya, tumama na lang sa bato ang ulo nya or something that would render an instant kill. But instead, he landed on the soft ground... and he knew... it wasn’t his time to die.

He didn’t stand up.

As he was lying there, he saw her image. She was lying beside him, smiling for the first time, like a beautiful angel he always knew she was.

He reached for her. She reached back. And he cried more tears when he saw her open wrist. It was covered in dried blood but she was still smiling.

When he finally touched her hand... he felt everything around him fade into black.

I wished that I had the courage to save you. Sorry... I realized now that I was too late.

==========

AMATS (one shot slurred confession)

Another shot. Another round. Lasing na si Sophia...

“Ano Sophie? Kaya pa?” Tanong sa kanya ni Jepoy. Nag-iinom sila sa balkonahe ng bahay nito.

“Mukha bang kaya ko?!” She asked in a slurred manner. Nakaka-dalawang bote na sila ng Empi lights but it looks like she had no intention of stopping. Earlier that day kase, nahuli nyang nangangaliwa ang boyfriend nya. Sa may park pa, sa karamihan ng tao... hindi na nahiya! At ayun, yun pa ang may ganang makipag-break sa kanya.

Umuwi sya ng bahay na mabigat ang loob. Kabado syang baka maabutan nya ang mama nya dun. Panigurado kaseng magtatanong ito kung bakit sya busangot. At siguradong magsasabi at magsasabi sya dito ng problema kahit ayaw nya. Eh bungangera ang mama nya. Baka masugod pa nun yung ex nya. Naku... kakahiya yun.

But she found Jepoy instead.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” Mataray nyang tanong.

“Hindi ka binibisita.” Sabi nito, saka ngumiti.

“Umuwi ka na.”

“Ayoko.”

She looked at him, with the resigned expression on her face. “Pwede bang bukas ka na lang mambwisit?” She headed to the door. Hinarang sya nito.

“Bakit malungkot ka ata?”

“Pakealam mo ba?!” She felt her tears swelling..at ayaw nyang umiyak sa harapan ni Jepoy.

Sumeryoso ang mukha nito. “May pakealam ako kase hindi ko gawa yan. Kung may magpapaiyak man sa ‘yo, ako lang dapat yon..”

Tumulo ang isa at sinundan ng marami pang luha.

“Hoyhoy! Wag kang umiyak!”

“Tanga ka ba? Tingin mo gusto kong umiyak?!”

“Bakit ka ba kase bigla-biglang umiiyak?” Tinapik-tapik nito ang likod nya.

At ayun... kay Jepoy sya nakapagkwento.

.

.

.

“Sigurado ka bang gusto mong uminom?” Tanong nito sa kanya habang binubuksan ang isang bote ng Empi light.

“Pwede ka namang umuwi kung ayaw mo ‘kong damayan eh.”

He sighed. “Ayoko..sumasakit ang tenga ko sa ‘min. Mina-murder na naman ni ninang ang videoke namin.”

“Parang hindi sintunado ang nanay mo ah.”

“Haha. Mag-bestfriend nga.”

Magbestfriend ang mga mama nila. Since grade one. Tapos yung mama at papa ni Jepoy, mutual friend ang papa nya. Ipinakilala nila dun yung mama nya.

Ayun, kaya magbebestfriends ang mga magulang nila. Pati sila ni Jepoy. Wala syang choice eh.. Pareho pa silang only child.

.

.

.

“Sino na nga ba ‘yung teacher natin dati na laging namimingot?”

“Si Mrs. Gaitan.” Sagot nya. “And F.Y.I. lang po..ikaw lang ang napipingot nya.”

“Ako lang ba?” Tumawa ito. “Kaya pala humaba na ng humaba ang tenga ko.”

Ngumiti sya. “Pilyo ka kase..naalala mo nung lagi mong hinihila yung buhok ko?”

“Those were the glorious days. Hindi kumpleto ang araw ko ng hindi ka napapaiyak...”

**

1ST GRADE

Lagi ni Jepoy hinihila ang buhok ni Sophia dahil sa kinatutuwaan nito ang pagkaka-tirintas ng buhok nya. Tapos lagi syang magsusumbong dahil masakit nga naman. Tapos mag-aaway sila..tulad ngayon...

“Teacher! Teacher! Si Jepoy po hinihila ‘yung hair ko!”

Iiling na lang si Mrs. Paredes. Hayyy...eto na naman sila.

Bumirit uli ng isang hila si Jepoy.

Pumalirit na ng iyak si Sophia.

“Jepoy tama na yan.” Saway ng teacher. Ngumiti lang ang batang si Jepoy habang umiiyak si Sophia.

**

**

2ND GRADE

Hapon noon. Matatapos na ang klase ng biglang binato si Jepoy si Sophia ng nilukot na papel.

“Aray!” Nilingon nya ito at pinulot ang papel na ibinato sa kanya at saka ibinato dito.

“Hindi naman masakeeeet! Bleeeh!!!”

Sumimangot si Sophia..saka umiyak.

**

Pangalawang bote..

“Hindi mo binuklat yung papel noh?” Tanong nito sa kanya matapos magsalin ng alak sa tagayan. Umiling sya.

“Bakit? Ano ba’ng meron dun?”

Nagkibit-balikat si Jepoy. “Wala..drawing.”

**

3RD GRADE

Dahil sa public school nag-aaral sina Sophia at Jepoy, lagi silang magkasama sa klase. Pwede kaseng mamili ng teacher ang mga magulang. Eh mag-bestfriend ang mga mama nila simula pagkabata. Ninong pa ni Jepoy sa BSP ang papa ni Sophia. Kaya hindi pwedeng hindi sila magkaklase.

Isang araw, nag-announce ang teacher na magkakaroon sila ng class presentation. Magsasayaw daw sila ng cariñosa.

“Sophie, partners tayo ah.” Sabi ni Jepoy sa kanya.

“Ayoko nga!”

“Bakit?” Kunot na noong tanong nito.

“Kase bad ka! Tsaka hindi ka naman marunong magsayaw eh!”

Sumimangot ito sa kanya. “Bahala ka! Si Jade na lang ipa-partner ko!”

**

“Oo. Si Jade na walang malay.”

“Haha. Nagselos ka ba?”

“Ngek! Naawa kamo. Biruin mong panay ang reklamo noon. Ginawa mo daw dance floor ang paa nya..”

“Kung makapagsalita sya parang hindi nangangaliwa yung paa nya.”

**

6TH GRADE

Si Jepoy ang kauna-unahang nagka-girlfriend sa klase nila. Si Louise..transferee sa school nila. Kulot ang buhok nito na medyo brown tapos ubod ng puti. Kaso nag-break din sila noong graduation.

**

“Nagtampo ako sa ‘yo noon eh.”

“Bakit?”

“Kase hindi mo ako isinayaw! Sa dami ng party sa school ni hindi mo man lang ako niyayayang sumayaw. Porke’t sikat ka na nun..”

Halos kalahati na lang ang laman ng bote. May isa pa silang uubusin...

Umiling-iling si Jepoy. “Sabi mo, di ba, ayaw mo ‘kong ka-partner? Tapos nag-eexpect ka na isasayaw kita?!”

“Grade 3 pa ‘yun noh!”

**

1ST YEAR HIGH SCHOOL

“Akala mo naman napakagwapo. Kung makangiti..naku!”

“Ahem!”

Tinaasan nya ng kilay ang kaklaseng si Lorraine.

“At ano’ng ikinagagalit?” Tanong nito.

“Wala.”

“Alam mo, kung iintayin mo syang mag-aya..aba’y mabubutas ang bangkuan mo neng! Lapitan mo na.”

“Ayoko nga! Bakit ako ang lalapit eh babae ako?”

Lorraine crossed her arms and smirked. “Eh di si Jepoy nga. Halata ka na friend!”

“Sya lang ba ang lalaki dyan? Malay mo si Emerson pala ‘yung tinutukoy ko. O kaya si Ray.”

Napatawa ng mahina si Lorraine. “Ako pa niloko mo eh hindi ka naman nakatingin kay Emerson.”

“Eh di kay Ray!” Palusot nya.

“Absent po kaya si Ray.”

Saka lang nya ito nilingon. “Ah, absent ba? Hindi ko napansin.”

**

“Paano naman kita isasayaw eh papalapit pa lang ako, umiirap ka na?”

“Eh paano akong hindi iirap? Isinayaw mo na lahat ng katabi ko. Una si Marjorie, tapos si Lorraine--”

“Kase nga nang-iirap ka!”

“Eh kase nga hindi mo ako isinasayaw!”

“Tumagay ka na nga lang.” Inabutan sya nito ng tagayan.

**

2ND YEAR HIGH SCHOOL

Nagkaroon ng second girlfriend si Jepoy..si Lorraine.

“Friend, sure ka okay lang sa ‘yo?” Laging tanong sa kanya ni Lorraine bago nito tuluyang sinagot si Jepoy. Crush na crush kase ni Lorraine si Jepoy simula noong unang araw ng pasukan ng second year. Pano tumangkad ito ng ilang inches..

“Oo nga. Ang kulit mo naman eh..sabi ko na sa’yong hindi ko type yan.”

“Baka kase hindi mo lang maamin.”

“Para kang tanga.”

Ngumiti ito. “Sige ah. No hard feelings.”

**

“Wala nga ba?”

“Wala.”

“Kahit ganto kaunti?” Itinaas ni Jepoy ang tagayan na hanggang kalahati ang laman. Umiling sya. Ininom nito ang kalahati saka itinaas ng one-fourth na ang laman.. “Eh ganto?”

She rolled her eyes..kaya lalo syang nahilo. Oh, what the hell? Kapag inamin naman nya, sigurado namang malilimutan na ni Jepoy ‘pag linaw na sila...

“Hmmmm....slight. As in...super konti.”

Nginitian sya nito. Ayaw man nya aminin sa sarili nya, hindi nakukumpleto ang araw nya kapag hindi sya nito inaasar. Kahit na noong may girlfriend ito ay sya lang talaga ang inaasar nito..kaya feeling nya special sya.

“Eh ngayon?”

“Naku Jefferson..tigil-tigilan mo ko!”

“Eeeee...meron pa noh?”

“So? Ano ngayon kung meron?”

Biglang natigilan si Jepoy at parang nalinawan ng konti.

“Is that alcohol talking?” Tanong nito sa kanya.

“O ngayon ayaw mo maniwala? Abnormal!”

“Seryoso?”

“Whatever. Tutulog na ‘ko.” Tumayo sya sa sahig at nagtungo sa sofa. Doon na lang sya matutulog dahil hindi nya na kayang umakyat ng hagdan sa sobrang hilo.

**

4TH YEAR HIGH SCHOOL- GRADUATION

“Sophie, papicture tayo.” Aya nito sa kanya.

Sinundan nya ito sa stage, dala-dala ang camera nya. Close-up ang kuha nito kaya magkadikit na kinunan ang mukha nila. Para syang kinukuryente noon.. ‘Yun lang ang picture nilang matino. Kapag kase kinukunan sila ng magkasama, lagi nitong hinihila ang buhok nya. Hindi sya nito tinitigilan hangga’t hindi pa masama ang pose nya.

**

KINABUKASAN, ARAW NG SABADO..

Nagising na lamang si Sophia na nasa sarili na nyang kwarto. She remembered everything from last night. Hindi pala totoo ‘yung kapag nalasing, walang maalala..kase sya tandang-tanda nya. O baka naman sya lang ‘yun... But she didn’t remember getting up and going to her own room. Hmmm...

“Good morning.” Biglang bati sa kanya ng nagkakape na si Jepoy.

“B-bakit nandito ka pa?” Gulat nyang tanong.

“Ngayon ka pa nagulat.. after ilang years na inilalagi ko dito?”

“A-akala ko kase umuwi ka na. Andyan na ba si mama?”

Umiling ito. “Wala. Kaya ipinagsaing na kita at nagluto na rin ako ng ulam. Here.. take a sip.” Inabutan sya nito ng isang mug ng kape. “Itinapon ko na rin ‘yung mga bote.. buti na lang hindi tayo sumuka..”

She drank the coffee tapos ibinalik nya dito yung baso.

“Bakit hindi ka umuwi? Baka hinahanap ka na sa inyo.”

“Bakit? Ang mama mo nga hindi umuuwi..hinahanap mo ba?”

“Adik ka talaga... matanda na yun noh.”

“Tingin mo sa ‘kin... bata?” Natatawa nitong tanong sa kanya habang humihigop ng kape.

“Isip bata kamo. Umuwi ka na!”

“Ayaw! Kung gusto mo ikaw ang umuwi sa ‘min!”

“Abnormal ka talaga! Bahay nyo uuwian ko? Adik ka ba?”

“Mapilit ka kase... eh di ikaw ang umuwi.”

Pinamay-awangan nya ito. “Sya sige, yaman din lamang na ayaw mong umuwi... eh di ipagtimpla mo ‘ko ng kape.”

“Wow. Achay lang?”

“Alam mo bading ka talaga.” Nakangiti nyang sabi dito.

He rolled his eyes. “Bakit na naman?”

She crinkled her nose. “Wala. Para ka kaseng hindi lalake.”

“Weh?” Tumayo si Jepoy at sumandal sa pader. “Gusto mo maghubo ako ngayon sa harap mo?”

Pinandilatan nya ito. “Gusto mong mamatay?”

Tumawa ito at iniabot sa kanya ang iniinom na kape. Kinuha naman nya yun at iinom sana pero nakita nyang wala ng laman. Sinimangutan nya ito.

“Ansama mo.”

“Abah. Ako na nagsaing at nagluto, ako pa masama?”

“Psh.” Pouting, she took the mug on the kitchen counter saka sya nagtimpla ng kape. Tumabi ito sa kanya.

“Nga pala...”

“Oh?”

“Yung kagabi... totoo yun?”

Bigla syang kinabahan. “Ang alin?”

“Yung sinabi mo.”

Kumunot ang noo nya. “Ha? Alin dun?”

“May gusto ka pa rin sa ‘kin?” Derecho nitong tanong sa kanya.

“HAAAAAA?! KELAN KO SINABI?” Exaggerated nyang tanong. Halos magtakip na ito ng tenga sa lakas ng boses nya.

Tapos bigla itong tumingin sa kanya ng seryoso. “Seryoso Sophie...”

“Seryoso Jepoy! Wala ako matandaan!” Kunware lang yun. Wala nga syang hindi maalala eh. Akala lang nya hindi ito makakaalala. Kase lahat ng napapanuod at nababasa nya sa libro na lasing... walang maalala.

Akala nya ganun din sila.

Kinuha nito ang kape nya na kakatimpla lang at ibunubo sa lababo.

“Hoy! Ba’t mo tinapon?!”

Bumuntong-hininga ito saka itinuon ang dalawang kamay sa edge ng counter. “Sophia...”

Napalunok sya ng marinig ang pangalan nya. Hindi Sophie ang tawag nito sa kanya. Nakakapanibago. After what seemed like forever na pagpipilit nyang tawagin sya nito sa pangalan nya... ngayong nagawa na nito... iba pala ang dating.

“B-Bakit?”

“Seryosong tanong...”

Napalunok ulet sya. Takteng yan... lasa pang alak ang bibig nya. “O-Oh?”

“Yung kagabi—“

Tumingin ito sa kanya.

“—totoo ba?”

“Bakit mo ba tinatanong? Wala lang yun... lasing lang ata ako.”

“Ah...”

“Akin na nga yang baso. Magtitimpla ako ng bago. ‘Wag mo na itatapon ah.” Kinuha nya yung baso na nasa lababo pa. Pero hinarang sya nito ng papalayo na sana sya. Kaya ang pwesto nila, parehong nakaharap sa lababo, nakahawak pareho sa iisang baso.

Tumingin sya dito.

“Jepoy...” Naiinis nyang simula.

“Ako na magtitimpla.” Sabi nito sabay hila ng baso. Bumitiw sya. Pagkalagay nito ng kape at asukal sa baso, may kinuha ito sa tokador na nasa bandang ulunan nya.

Nagulat sya ng makita ang isang bote ng Empi lights. May konti pang laman. Isinalin nito yung laman sa baso nya, saka hinaluan ng mainit na tubig. Tapos hinalo. At iniabot sa kanya.

“Oh.”

Napangiwi sya. “Ano yan?”

“Malamang kape.”

“Ba’t mo nilagyan ng alak?!”

“Para malasing ka.”

Binatukan nya ito. “Adik ka. May hangover pa nga ‘ko, lalasingin mo na naman.”

He pouted saka ibinubo na naman yung katitimplang kape sa lababo.

“Oh! Ba’t mo na naman tinapon?!”

Tumingin ito sa kanya na parang blank lang ang expression. “Bakit? Iinumin mo ba?”

Umiling sya. Disgusted at the fact na iinumin nya yun. Kape at alak? Eww lang masyado?

“Oh... hindi naman pala eh. Para sa’n pa?”

“Eh ba’t mo pa kase tinimpla? Nasasayang lang kape namin eh.”

He sighed. Saka tumingin sa cupboard na ka-level lang ng ulo nito. “Matino ka kaseng kausap ‘pag lasing.”

“Huh?”

Tumitig ito sa kanya. “Kapag lasing ka... you’re very honest.”

Hala. Natigilan sya dun sandali. Pinipilit isipin kung ano-ano yung mga nasabi nya dito kagabi. Baka naman kase nakakapagsalita sya ng tulog. Eh maraming beses na yung nangyayare sa kanya.

Kaya nga nalaman ng mama nya na may crush sya kay Jepoy eh. Secret pa naman yun...

“Jepz...”

“Oh?”

“May... may sinabi ba ‘ko kagabi habang natutulog ako?”

He smirked. “Madami. Nobela pa nga eh. Naupo ka pa tapos kinwento mo ‘ko. Para kang tanga.”

Namilog ang bibig nya pati mata. “WEH?!”

Tumawa ito. “Oo nga!”

“Ano sinabi ko?!”

“Sabi mo ‘crush pa din kita Jepoy! Since grade one pa! Akala ko nawala na pero

hindi pa pala.’” He said while imitating her voice and actions.

“Tado ka. Wala ako sinasabing ganyan.”

“Meron kaya! Naka-record pa nga eh. Gusto mong tingnan? Yayakap-yakap ka pa nga sa ‘kin kagabi.”

She slapped her forehead. “Lasing nga kase ako.” Naidahilan na lang nya.

“Pero sabi ni Ninang crush mo daw talaga ako.”

“Waaaah?!!!! Sinabi sa ‘yo ni mama?!”

Tumawa ito sa reaksiyon nya saka naiiling na sinabi. “Sabi ko na nga ba. Tsk. Galing mo magtago. Wala talaga ‘kong kaalam-alam.”

Napayuko sya.

“Oh ngayong alam mo na... ano’ng gagawin mo?” Tanong nya dito.

“May dapat ba ‘kong gawin?”

“Oo nga naman. Haha... Wala. Kalimutan mo na.”

Inakbayan sya nito. “Kain na tayo? Gutom na ‘ko.”

“Ako din eh. Ano ba ulam?”

“Daing.”

Sumimangot sya. “Daing? Nangangasim na sikmura ko tapos daing pa kakainin ko?”

“Bangus.”

“Ah... pala naman eh.” Daing na bangus lang kase ang daing na kinakain nya. Mabuti na lang at alam ni Jepoy yun. San naman kaya ito nakakuha ng daing eh wala naman silang stock na daing? “San—“

“Palengke.” Sabi nito na parang alam na ang itatanong nya.

“Nagpunta kang palengke? Anong oras ka ba nagising?”

Nagpungas ito. “Hindi pa ‘ko nakakatulog.”

“Ha? Tange nito. Ba’t di ka natulog?”

He looked at her with an annoyed expression. “Pano ‘ko makakatulog eh bangon ka ng bangon kagabi? Lumabas ka pa nga ng bahay eh. Hanep ka rin kase mag-sleep walk.”

Napakamot sya ng ulo. Oo nga pala, isa rin syang dakilang sleep walker. Sleep talker na, sleep walker pa. Kaya hindi sya pinapasama ng mama nya sa mga overnights o camping sa school eh.

“Sorry, napuyat ka tuloy.” Saka nya napansin ang mata nito. Medyo maitim nga yung ilalim ng mata nito at parang bangag pa. Gawa nya.

Ginulo nito ang buhok nya.

“Ayos lang yun, best friend kita eh.” Sabi nito saka ngumiti sa kanya..

She smiled at him too. Siguro nga hanggang mag-bestfriends na lang sila. Pero ayos na rin yun. Ang sarap kayang maging best friend ni Jepoy. Maalaga.

“Sya... kumain na tayo...”

.

.

.

Pagkatapos nila kumain, sabay pa silang naghugas ng pinggan. Tapos nag-tooth brush sila ng sabay din. May sarili kaseng tooth brush si Jepoy sa bahay nila. Pati sya meron din sa bahay nito.

“Uwi ka na.”

“Mamaya. Liligo pa ‘ko.”

“Nah! Dun ka na maligo sa inyo!”

“Dito na! Lalayo pa ‘ko eh dyan lang ang banyo!” Sabi nito sabay turo sa banyo nila na katabi lang ng kusina.

“Eeeeh... liligo na rin ako weh.”

“Problema ba yun? Eh di sabay tayo!”

Sa sinabi nito, hindi nya napigilang manapak. “Abuso ka na ah!”

Tumawa ito. “Asus! Nahiya pa. Matagal ko ng nakita yan!”

Hinampas nya ito sa balikat. “Heh! Bata pa tayo nun! Iba na ngayon noh!”

“Weh? Ba’t parang flat pa din naman? Patingin nga kung may nabago talaga...” He said saka hinila yung kwelyo ng damit nya. Dagli nyang pinalis ang kaay nito.

“Ang bastos mo!”

“Haha! Joke lang! Wala namang makikita dyan eh.”

Sinimangutan nya ito. Alam naman kase nyang flat-chested sya pero kelangan pa talagang i-point out?

“Umuwi ka na nga!”

“Yeeee... nagtatampo!” Pinisil-pisil nito ang pisngi nya. Sya naman, todo palis ng kamay nito. “Sige... uuwi na ‘ko.”

“Sya... uwi na!” Itinulak nya ito palabas ng kitchen... papunta ng sala tapos palabas ng pintuan ng bahay nila. Humawak si Jepoy sa frame ng pinto para hindi tuluyang maitulak palabas.

“Saglet lang naman!”

“Oh bakit?”

Hindi ito agad nagsalita.

“Haynaku. Umuwi ka na kase ng makaligo na ‘ko.”

Tumitig muna ito sa kanya. Tapos saka ito tumungo. Akala naman nya kung anong gagawin nito. Nagulat na lang sya ng biglang hinalikan na pala sya nito.

Wala syang masabi. Hindi na sya nakapagsalita. Even when he broke the kiss, tameme lang sya.

Ngumiti ito sa kanya.

“Sige... uwi na ‘ko.”

Pagkasabi nito ay kusa na itong bumitaw sa pintuan at naglakad palabas ng gate. Nag-wave pa ito sa kanya bago tuluyang umalis.

Lutang... isinara nya yung pinto at naupo sa sala. Sa bandang ulunan ng hinigaan

nya kagabi, may napansin syang mga papel. Crumpled na yun. Malamang eh binabato sya nito kagabi habang natutulog sya.

Binuklat nya yun isa-isa.

YOU

BESTFRIEND

I

LOVE

Saka nya ini-arrange.

I LOVE YOU BESTFRIEND

Ni-rearrange nya ulet.

BESTFRIEND I LOVE YOU

Napangiti sya.

Then she heard the phone ring.

“Hello?”

“Oi. Punta ‘ko dyan mamaya ah.”

“Kakauwi mo lang pupunta ka na naman dito?”

She heard him chuckle. “Sorry naman. Namiss agad kita eh.”

“Tss. Namiss daw...”

“Haha.. totoo nga. Ayaw pa maniwala. Sige, ligo ka na. Ang baho mo.”

“Heh! Mas mabaho ka!”

Tumawa si Jepoy sa kabilang linya.

“Ui... sige na. I’ll see you later.”

“Sige sige.”

“Bye.”

“Bye.”

And with that smile on her face, nagpunta na syang banyo para maligo.

*end na. haha ^_____^*

==========

Impromptu Elevator Ride

Stressed!

Pasyahan pagdadaldalan ang mga tao sa likuran ko. Palibhasa kase lunch break. At ako? Naiirita! Hindi ko alam! Basta walang kwenta ‘tong araw na ‘to! Wala! At naiinis ako dahil... naiinis ako dahil unti-unti kong napapansin yung officemate ko. Yun nga! Yun nga siguro yung dahilan kung bakit aborido ako ngayong araw.

Hindi ko alam kung kelan sya dumating. O kung regular ba sya. O kung temporary lang ding katulad ko. Hindi ko alam pero last week ko lang sya nakita.

Hindi sya katangkaran, mas matangkad lang ng konti sa ‘kin. Hindi rin sya kaputian pero maputi. Nakaayos yung buhok nya. Spike spike effect pa na parang sa anime. Mukhang alaga sa gel.

Nung una ko syang nakita, simpleng white polo at black slacks lang ang suot nya. Gulat ako kase halos isang buwan na ‘ko dito pero noon ko lang sya nakita.

At mula nung araw na yun, palagi na syang nakikita ng mata ko. Hindi ko sinasadya. Swear! Tuwing pupunta lang ako ng CR ng girls at pag babalik, nasusulyapan ko sya. Hindi ko sinasadya yun swear!

Kasalanan ko bang kita sya mula sa dinadaanan ko?

Naaasar ako ngayon kase parang kanina pa ako kinukuryente. Yung feeling mo na may nakatingin sa ‘yo. Pero syempre imposibleng sya yun kase hindi ako kita mula sa kinauupuan nya. Not unless nakatayo lang sya. Eh bakit naman nya gagawin yun di ba?

Lunch break. Tapos na ‘kong kumain. May baon kase ako eh. At eto nga, dahil tapos na akong kumain ng lunch, wala na akong magawa. Yung ginagawa ko sa PC ang bagal mag-process. Eh yun lang yung ginagawa ko. So kada process ko, hintay. At sa kada hintay ko, nababaliw ako sa kaiisip ng gagawin para malibang.

Kanina pa nga ako basa ng basa sa Wattpad eh. Kaso nagsawa na ‘ko.

Kanina, nagsulat na rin ako pero... nakakatamad. Pwede ko namang i-type na lang ang sinusulat ko. Di ba? Di pa sayang ang ink.

At tuloy pa rin sila sa pag-iingay sa likuran ko.

Haaay... ano ba kaseng pwede kong gawin ngayon?

Makababa kaya sa first floor? Tapos ano? Eh di aakyat ulit. Haha. Gusto kong mag-

hagdan kaso 50th floor pa kami. Kamusta naman. Baka uwian na’t lahat, hindi pa rin ako nakakabalik.

So ang ginawa ko, lumabas ako ng office namin papunta dun sa lugar na may mga elevator.

beep

Narinig kong may nag-open ng pintuan namin with their ID. Hindi ko na tiningnan kung sino. Nakatalikod kase ako dun sa glass door. Nakaharap ako dun sa mga elevator.

With my peripheral vision, I saw a pair of black shoes on my right. Pero hindi ko pa rin tiningnan kung sino yun. Basta alam ko lalaki. All the more na dapat hindi ako tumingin.

Ewan ko... ilang ako sa mga lalaki eh.

NBSB. Pasensya naman.

ding!

Umilaw yung part na katabi nung isang elevator, indicating na nasa floor na namin yun. Too bad pataas. Pero sige na nga, naghahanap na rin lang ako ng gagawin eh. Eto na yun.

Round trip.

Sumakay ako. May limang koreanong nakasakay. Sumandal ako sa gilid at pumikit. Ang ingay nila! Wala naman akong maintindihan sa sinasabi. Mabuti sana kung may subtitle eh di naaliw pa ‘ko sa pakiki-chismis.

Please step away from the closing doors.

Pinindot nung isa yung close button para magsara na yung pintuan ng biglang may pumigil. Di ko na tiningnan kung sino. Hindi ako interesado.

53rd floor.

Lumabas na yung dalawang koreano.

Sumara ulit yung pintuan ng elevator saka umandar ulit.

55th floor.

Lumabas na yung natitirang tatlo.

Natahimik bigla. Salamat naman.

“Hay salamat. Natahimik din.” Narinig kong sabi ng isang boses. Oo nga pala. May kasama pa akong isa. Tiningnan ko yung nagsalita.

At laking gulat ko ng makita ko kung sino.

SYA!

Yung taong nagpapawindang sa ‘kin this past few days! Yung lalaking ayaw na ayaw ko sanang makita!

Ngumiti sya sa ‘kin. At dahil sa tanga ako, nag-iwas ako ng tingin. Sabi nila kapag nag-iiwas daw ako ng tingin, mukhang nang-iirap ako. Pero hayaan na. Lumalakas lang ang tibok ng puso ko kapag nagagawi sa kanya yung tingin ko.

At ayoko ng ganito. LASON sya sa sistema.

Sumipol-sipol pa sya. Punyemas. Ini-imagine ko ngang solo ko lang ang elevator tapos sisipol-sipol sya.

“San punta mo?” Nagulat ako ng bigla syang magsalita. Ako ba kausap nya? Malamang noh? Kami lang kayang dalawa ang laman ng elevator. Alangan namang multo! Aynako. Pinangilabutan ako sa naisip ko.

“Suplada.” Narinig kong sabi nya saka sya bumuntong-hininga. Ayoko namang isipin nya na suplada ako kase... kabago-bago ko tapos ganun yung magiging impression nila sa ‘kin?

“Ground floor.” Mahina kong sabi.

“Ah... maglalunch?” Tss. Bakit nya ba kase ako kinakausap? Di na lang nya kausapin

ang sarili nya gaya ng ginagawa ko.

“Tapos na.” Maikli kong sagot. Hindi ko pa rin sya tinitingnan. Nakasandal pa rin ako sa wall ng elevator. Taka nga ako kung bakit walang sumasakay eh. Lunch break naman.

Going down.

Ay taeh. Kaya naman pala. Going down pa lang. Ilang floors ba kase ang building na ‘to at napakatagal ng elevator ride?

Bumukas yung pintuan ng elevator sa sumunod na floor nung pababa na. At ayun nga, nagsidagsaan ang tao. Siksikan! Lalo akong napasiksik sa sulok.

“Ayos ka lang ba dyan?”

Napatingin ako sa nagtanong.

At sana hindi na lang ako tumingin kase nung tumingin ako, nagtama yung mga mata namin. At lalong lumakas yung kaba na nararamdaman ko.

At lalo pang lumakas ng nginitian nya ‘ko.

Punyemas talaga.

“Ang tahimik mo pala talaga.” Sabi nya. Kumunot ang noo ko. Bakit may PALA sa sentence nya? At hindi lang yun. Sinamahan pa ng TALAGA.

At parang sumasang-ayon ako sa kanya dahil hindi ako sumagot.

“Jenny, right?”

Hindi ko alam kung pano nya nalaman ang pangalan ko. Pero naalala ko na may suot nga pala akong ID.

He held out his left hand. “Ako nga pala si Vincent.” Sabi nya ng may ngiti. Palangiti pala sya. Pwede syang model ng toothpaste. Pantay-pantay at mapuputi ang mga ngipin nya.

Inabot ko yung kamay nya. At nadoble pa yung kaba na nararamdaman ko.

“N-Nice to meet you.”

“It’s nicer to meet you. Tagal na kitang gustong makilala eh. Kaso ang tahimik mo..” Medyo namula ako sa sinabi nya. At wala na akong nai-respond sa sinabi nyang yun. Basta napatitig na lang ako sa kanya. Hindi ko alam kung gaano katagal.

Ground floor.

Kasabay ng pagbukas ng elevator ay ang paghihiwalay ng mga titig at kamay namin. Narealize ko bigla na medyo matagal din palang magkahawak yung mga kamay namin.

Sumandal ulit ako sa dingding ng elevator.

“Hindi ka ba lalabas?” Tanong nya. Umiling ako.

“Ganun ba? Sige, I’ll go ahead.” Tinanguan ko lang sya. Sumunod na sya dun sa mga taong lumalabas. At nagsimula na ring magsara yung elevator.

Pero bago pa sya nagsara ng tuluyan, may sinabi syang nakapagpakaba pa lalo sa ‘kin. Sabi nya...

“Sabay tayong mag-lunch bukas ha?”

Then the elevator door closed.

==========

Bless The Pee

PAKSHET!

Nakailang ihi na ba ako maghapon?! One, two, three, four, five—binilang talaga eh noh? Eh kase naman! Naman kase! Wala pa atang tatlong baso ng tubig ang nainom ko ngayong maghapon pero kung makaihi ako parang ang dami kong tubig na inilagay sa katawan ko.

Ano ba namang klaseng pantog meron ako at gano kaliit?!

Wait lang—CR lang ulet. Punyemas!

--

Back!

Gusto nyo ng trivia? True to life eto... yung first part lang. Haha! Katawa si Author, abnormal ang pantog! XD

Anyway, back to me. Ako na bida ng story na ‘to.

Hmmm...

Eh ano ba kaseng purpose ng istorya na ‘to? Wala naman talagang sense. Kahit ipilit wala talaga. Kase tungkol lang naman ‘to sa pag-ihi. Haha...

Anyway, eto ako ngayon, back to work...

--

Busy-busyhan ako pagtatype ng may kamay na biglang lumapat sa ibabaw ng desk ko. Natural napatigil ako sa ginagawa ko at napatingin sa kamay na yun.

Ang ganda. Malinis ang kuko, mahahaba yung mga daliri na payat tapos maputi. Napatingin ako sa may-ari ng kamay na yun. Si Dean pala, officemate ko.

“Hi Marichu!”

“Hi back. What can I do for you?”

Sa tanambuhay ko ata dito sa office, ngayon lang sya lumapit sa ‘kin. Di naman kami close eh. Nakakabatian ko lang sya saka kangitian. Yun lang. Bukod kase sa mas mataas ang posisyon nya sa ‘kin (although hindi ko sya ka-department) eh wala naman talaga kaming bagay na mapag-uusapan.

As in wala.

“Actually...” Sabi lang nya saka biglang umalis. Ano kaya yun?

I went back to typing...

Ng bigla na naman syang dumating, dala-dala ang maraming folders na may lamang mga papel. Kung susumahin mo yung height nung hawak nya, mga kalahating ruler. Nagsalubong agad ang mga kilay ko. ‘Wag nyang sabihing may ipapagawa nga sya? At lalong ‘wag nyang sasabihin na ganun karami!

He smiled saka ipinatong yun lahat sa mesa ko. Malakas pa nga yung pagkakabagsak

nya eh.

“Deadline na kase nito bukas eh. I just need you to check these then put some notes on each. Bigay mo sa ‘kin mamaya pagkatapos mo ha?”

Then he went back to his station.

PUNYEMAS!

Nakipagtitigan pa ‘ko ng matagal dun sa mga papel bago ko sya naisipang simulang gawin. Tinigil ko na yung ginagawa ko kase wala namang sense. Pero kahit na di ba? Pagkatapos ko nito, hihingi ako ng raise sa sweldo ko! Abah... abuso eh!

--

5:30 pm.

Supposedly, uuwi na ako. Pero dahil sa madami pa akong ginagawa at wala pang kalahati ang natatapos ko, nag-decide akong mag-OT. Ayos na rin siguro. Mga one hour na lang...

--

7:00 pm.

Taeh! Kalahati pa lang! Arrrgh!! Ayoko na! Pero no choice ako. Tinanggap ko eh. Pwede namang tanggihan kaso hindi ko naisip tumanggi kanina. Ayan tuloy... nabaon pa ‘ko sa trabaho.

TT_TT

--

Sometime before 8:00...

“Oy Marichu, dinalhan kita ng pagkain. Hindi ka pa ata naghahapunan eh. Here... don’t worry libre na yan.” Dean said, saka nag-smile at umalis.

At dahil sa ako’y gutom na, nilantakan ko na yung mga pagkaing nilagay nya sa mesa ko, namely: thin crust pizza from Shakey’s, lasagna from Greenwich at spaghetti sa Jollibee. Aba... talagang alam nya ang mga paborito ko ah? Siguro inalam nya talaga kase wala syang balak magbayad sa ‘kin ng cash. -_-

Pero ayos na rin ‘to.

Kain much muna.

--

10:00 pm.

Still have some work to do. Waaaah! I’m so worrying about my welfare right now! Hindi pa naman ako sanay umuwi ng gabing-gabi! At nagpaalam na sa ‘kin yung huling empleyado na kasama kong mag-OT!

Waaaah ulit! May nagmumulto pa naman daw sa building namin!

TT_TT

Kaya naman the next hour, hinapit ko na talaga ang pagchi-check nung mga files na binigay nya. Nung matapos ko na (finally!), nilapag ko sya sa desk ni Dean.

Wala na sya. Ang hinayupak, pagkapasa sa ‘kin ng trabaho nya, iniwanan pa ‘ko!

Mag-isa akong lumabas ng office. Salamat na lang at may guard!

“Bye kuya guard!” Paalam ko sa kanya. Kung di nga lang nakakahiya, magpapahatid pa ‘ko kahit hanggang sa sakayan lang eh. Kaso alangan namang iwanan nya yung pwesto nya di ba?

gulp

Mag-isa akong sumakay ng elevator.

Pagkababa ko, dumerecho na ‘ko agad dun sa sakayan ng fx. Dumadaan sila dun talaga... hindi ko lang alam kung meron pa ng nagitong oras. Almost 12 na...

“Buti na lang naabutan kita.”

Nagulat ako ng may magsalita. Paglingon ko, si Dean, humihingal pa. Syempre nagtaka ako, akala ko kase nakauwi na sya.

“Nag-CR lang ako sandali, nawala ka na sa pwesto mo. Tapos mo na pala yung pinapagawa ko...”

“Hindi ka pa umuuwi?”

“Syempre hindi. Sino na lang ang maghahatid sa ‘yo ‘pag umuwi ako?”

Then he smiled.

Hindi ko na napigilan ang sarili ko. Hinampas ko sya ng pagkalakas-lakas sa braso.

“Aray!”

“Punyemas ka! Hindi ka pa naman pala umuuwi eh bat hindi mo man lang ako tinulungan?!”

“Eee sorry. Nakakatamad kaseng gawin yun eh...”

“At talagang aminado kang tinatamad ka lang!” Tatanggapin ko pa sana kung lubog sya sa trabaho eh. Pero yung... TINATAMAD LANG sya?! Walanjo! Sana pala hindi ko na tinulungan!

“Sorry na... babayaran ko na lang yung effort mo...”

“Aba dapat lang!”

“Halika na. Ihahatid na kita.”

“Sige. May kotse ka?”

“Hindi ko dala eh. Coding kase ngayon.”

So nag-commute kami.

Kinabukasan... at sa mga sumunod pang araw, tinupad nga ni Dean yung sabi nyang babayaran nya yung efforts ko. Araw-araw nya ‘kong hinahatid sundo. Araw-araw libre ng lunch at minsan dinner. May tawad pang flowers at chocolates minsan.

Akalain mo yun, nauwi sa panliligaw? Hehe...

Bago ko sya sagutin, meron syang ikinwento sa ‘kin. Alala nyo yung araw na nakailang ihi ako?

Nung araw na yun, binibilang pala ni Dean kung nakailang balik ako sa CR. Mantakin mo yun, naka-trenta daw ako?!

Halos every thirty minutes daw kase pabalik balik ako sa CR.

Binilang nya daw yun kung ilan. Sabi nya sa sarili nya, kapag nakaabot ako ng 30 na pasok sa CR... liligawan nya ‘ko. Sign kung baga.

Kaya pala nilapitan nya ‘ko nung araw na yun. Kaso bigla daw syang natorpe... kaya bumalik na lang daw sya sa pwesto nya. Pero napag-isip-isip nya na mukha syang tanga nung ginawa nya yun kaya binalak nyang bumalik sa pwesto ko. Kaso wala syang maisip na magandang dahilan kung bakit sya babalik.

Tapos nakita nya yung stack of papers na last month pa pala at no need to check na! Kahimang yun... di ko man lang napansin yung date..

Anyway, pinagawa nya nga sa ‘kin yun and he waited for me the whole night kase nakukonsensya daw sya. Eh hindi naman nya mabawi yung pinapagawa nya kase baka daw magalit ako sa kanya at hindi ko na sya kausapin.

So ibig sabihin patong patong na kasinungalingan ang ginawa nya dahil lang sa natotorpe sya.

Pero imbes na magalit, natuwa pa ako sa ginawa nya. Haha... Ang cute kase. Kaya ayun, sinagot ko na sya at naging kami na.

Bow.

P.S. Pinahirapan ko din sya ng maraming beses. Ganti lang. ;)

==========

Promise Ring

Sorry for the typos and grammatical errors.

--

“Wake up...come on! Wake up!” Sinampal-sampal nya ito pero wala pa rin. She resisted giving him mouth to mouth. There’s no way..

“Isa! ‘Pag di ka gumising..iiwan kita!”

Biglang nagmulat ng mata si Eron. “Matapos mo ‘kong itulak sa pool, may gana ka pang mang-threaten jan.” Bumangon ito. Brielle rolled her eyes. “I knew you were acting.”

He snickered. “I was hoping you would give me a kiss.”

“Keep on dreaming. Malay mo, magkatotoo one day.”

Tumingin ito sa kanya. “You’re such a tease Bree.”

Tumayo sya at umalis, leaving him on the poolside. Swimming ng klase nila. Christmas party extension. Lahat nag-iinuman sa loob, maliban sa kanilang dalawa. Niyaya sya nitong maglangoy at ng tumanggi sya ay hinila sya nito sa pool. Sa inis nya ay sinipa nya ito ng malakas. He pretended to be drowning and she intended to give him CPR! Lucky for her, she had a sense to slap him first. Unggoy na yun, uutakan pa sya!

“Bi! Tagay!” Alok sa kanya ng mga classmates nya.

“Sige ba!” Hindi sya mag-iinom but occasionally, napapatagay. At pag napapatagay, nalalasing. Not all the time but most of it.

Binigay sa kanya ang baso na hanggang kalahati ang laman. Iinumin na sana nya ng pigilin sya ni Eron. “Guys, bawasan nyo naman. Hindi tubig yan.”

“Asus! KJ!” Sabi nya. “If you don’t want me to drink it, you drink it.” Hamon nya. Alam nyang hindi ito umiinom. May pagka-santo ata ito. Walang bisyo.

“Fine” Sabi nito na ikinagulat nya. “Pero pag ininom ko yan, wag ka ng iinom.”

“Call” Sabi nya.

Kinuha nito ang baso sa kanya at tinungga ng straight ang pinaghalo-halong alak. Pagkakainom nito ay bigla itong tumakbo sa CR at sumuka. Napangiwi sya.

Sinundan ni Brielle si Eron. Nakatungo ito sa toilet bowl at iniaalay lahat ng kinain dito.

“Ayan..kase naman eh.” Paunang sermon nya. “Ang alak hindi tubig. Kung di ka ba naman sira..tinungga tungga mo pa.”

Tumingin ito sa kanya, nakangiwi. “Ano ba kaseng alak yun?”

She shrugged. “Halo-halo. GSM, the bar, red horse..Tas tinunaw na mentos.” Dagdag nya ng nakangiti.

“At balak mong uminom nyan?!”

Brielle shrugged. “Mahina pa yan kumpara sa iniinom ni tatay.”

“Nga pala,” He stood up. “Binubugbog ka pa rin ba ng tatay mo?”

Umiling sya. “Baka mamaya..” Tumakas lang kase sya. Alam nyang lasing ito pag uwi. At pag nalasing ito ay sya ang napag-iinitan. “O kaya bukas..pag tulog na sya pagdating ko mamaya.”

“Ihatid kaya kita.”

Umiling sya ulit. “Wag na. Baka madamay ka pa...”

Si Brielle ang nag-iisang anak na babae ni Mang Nelson. Meron syang dalawang kuya. Si Andrew—ang panganay—ay nagtatrabaho sa malayong lugar. Si Eric naman, ang sinundan nya, ay naglayas. Nasa kapitbahay lang naman ito kaya lang kahit anong pakiusap nya, hindi ito umuuwi.

Namatay ang mama nya 7 years ago. Noon, matino pa ang papa nya. Actually—para itong santo. Walang bisyo. Pero sa sobrang pagmamahal nito sa mama nya, hindi nito nakayanan ang pagkamatay nito. Natutong uminom at 7 years later, nothing has changed.

Kagaya nga ng hinala nya, nabugbug na naman sya ng papa nya pagkauwi. At ngayon, halata pa rin ang mga pasa nya sa braso. Tinamad na syang pumasok. Bukas na lang..

Kinabukasan..

“O, ano’ng nangyari sa’yo?” Tanong sa kanya ng nakakunot-noong si Eron.

“Wala, nahulog sa hagdan.”

He crossed his arms. “Wala kaya kayong hagdan.”

Napatawa sya. “Alam mo naman pala eh. Linggo-linggo mo na lang ba ‘kong tatanungin?”

Eron sighed. “Here..” Inabot nito sa kanya ang mga notebooks nito.

“Ano’ng gagawin ko dyan?”

“Assignments. Kopya na.”

She smiled. Kahit noon pa, pag absent sya, lagi syang pinapakopya ni Eron ng assignments kinabukasan. Kinuha nya ang mga notebooks nito. “Thanks. You really are a life saver.”

“You owe me lunch. Again.”

She opened her mouth to complain. But at that moment, this guy came walking by. Si Clarence, ang bad boy ng school. Antipatiko, suplado at ma-chicks. Ang ultimate crush nya.

“Hi Clarence!” She greeted him. Tiningnan lang sya nito pati si Eron at saka nagpatuloy sa paglalakad. She glared at Eron. “Kasalanan mo to weh!”

“Ano na namang ginawa ko?”

“Hindi tuloy ako malapitan ni Clarence! Lagi ka kaseng nakadikit sa ‘kin eh!”

Eron rolled his eyes. “Hanggang ngayon ba naman nag-iilusyon ka pa rin?”

“Ang sama mo.” She said, saddened by the truth na nag-iilusyon lang talaga sya. Inakbayan sya ni Eron. “Ganyan talaga. Minsan hindi ka mamahalin ng taong mahal mo.”

Natawa sya sa sinabi nito. “Ang OA mo ah. Crush ko lang yun no.”

He smiled. “O sya. Tara na ng makakopya ka pa ng assignments mo.”

Every one stared at her as she entered the classroom.

“Bi! Ano’ng nangyari sa’yo?” Tanong sa kanya ni Mikaela.

She shrugged. “Nadapa tas napatama yung braso ko sa lamesa. Kaya eto..” She lied, as she always does. Sa buong klase, si Eron lang ang may alam ng tungkol sa pamilya nya. Hindi nito maintindihan kong bakit pinagtatakpan nya ang papa nya. Mikaela didn’t seem to know what’s really happening with her. She readily believed her.

The class fell quiet as the teacher enters the room. “Attendance.” The teacher called out names.

“Brielle Erany Lopez?” Brielle raised her hand. “Glad you can join the class today Miss Lopez.” Mrs De Mayo commented. She just smiled. Sanay na sya sa comment ng mga teachers. She’s hardly ever present.

It was nearly Valentine’s Day. That means na huling JS Prom na nila. Hindi sya umattend last year and she doubt that she could attend this one. Her father won’t lend her money to buy a decent dress.

“Hoy!” Eron snapped, forcing her back to reality.

“Ano?!” Kunot-noo nyang tanong.

“Lumilipad na naman yang utak mo.”

She sighed. “Nag-iisip lang ako ng magandang palusot kay ma’am.”

“Para san naman?”

“Sa JS..”

“Hindi ka na naman aattend? Wala na naman akong partner nyan eh.” Naghihimutok na sabi ni Eron. Last year kase sila dapat ang magkapartner sa sayaw kase ito lang ang mas matangkad na lalake sa kanya sa klase nila. Pwede sana si Clarence kaso hindi naman nya ito kaklase. She bailed out the night before the prom. Nagtampo ito ng todo sa kanya noon..at ngayon..mauulit pa ata..”Sige ganyan ka naman, parang hindi ka kaibigan..” Dagdag pa nito.

“O sya sige. ‘Pag nakakita ako ng damit, aattend na ‘ko.” Napipilitan nyang sabi.

His face lightened up. “Talaga?”

“Oo nga. Kulit.”

“O, bakit ang sama ng mukha mo?” Tanong sa kanya ng classmate nya, si Mikaela.

“Nakapangako kase ako kay Eron eh. Aattend sana ako ng JS kaso..nagmakaawa na ‘ko’t lahat kay tatay—sabi ko kahit 500 lang pautangin nya ‘ko—ayaw eh. Namura pa ‘ko. Tapos si Kuya Andrew naman, wala pa daw sweldo. Hayy.....”

“Ahm Bi—gusto mo, sa ‘yo na lang yung isa kong damit. Nadoble kase yung order ni mama eh. Isa lang naman ang kailangan ko so..”

Mikaela is a very rich kid. Solong anak ng presidente ng isang microfinance company. And it’s not very unlikely for her to own several dresses. In fact, lagi nga ata itong naka-dress. Conservative at tahimik ito. Nagtataka rin sya kung bakit sila naging magkaibigan. They were like the yin and yang—her being the bad.

“Wag na. Nakakahiya naman sa ‘yo.” Alam nyang hindi coincidence na nadoble ang order ng mama ni Mikaela. For all she know, sinadya nito iyon para may maibigay sa kanya. She doesn’t want to take advantage of her.

“Bi, kapag hindi ka nakaattend, magagalit sa’yo si Eron. Gusto mo ba yun?”

“Napakaarte naman kase ng lalaking yun eh.”

Mikaela chuckled. “Ang swerte swerte mo nga eh. Kahit maraming may gusto sa kanya, he still chooses to be with you. Alam mo bang ang dami ng galit sa’yo? They all thought you guys were together.”

“Haha. Fat chance. Gusto ko, bad boy. Yung may kulay ang buhok, suplado, playboy, antipatiko, aloof. A social outcast.” Like Clarence.. Who at that moment chooses to

pass by. “Hi Clarence!” She greeted him with a smile.

“Hi.” He responded. Gusto nyang magtatalon sa tuwa. This would be the first time na inimikan sya nito. It was like a miracle!

The next day came as a bit of a shock. Naiiling-iling sya ng makitang may kulay na ang buhok ni Eron.

“What have you done to your hair?!”

Napahipo ito sa ulo. “Napag-tripan ng pinsan ko. ‘Wag ko daw munang pakialaman kase hindi pa pwedeng kulayan ulit.”

“Bagay sa’yo.” Sabi nya.

He looked at her like she just said ‘I love you’. “Talaga? Nagustuhan mo?”

She nodded. “Pero mas bagay kay Clarence yang ganyan.”

“Ouch.”

“Don’t worry. Gwapo ka pa din naman.” Bawi nya.

Ngumiti ito. “Ayan naman eh..”

“Pero mas gwapo si Clarence.”

Sumama ang mukha nito. “Sige, ganyan ka naman.”

She laughed.

The rest of January was allotted for practice. And every time na hindi nya kasama si Eron, pinapansin sya ni Clarence. That’s why she always makes an effort to stay away from him. Napansin agad ito ni Eron. While they were ‘dancing’, he confronted her. “Iniiwasan mo ba ‘ko?” Tanong nito sa kanya.

“Hindi naman sa ganun. Napansin ko lang kase na pinapansin ako ni Clarence ‘pag hindi kita kasama. Kaya si Mikaela na lang ang sinasamahan ko. Mas swerte sya sa ‘yo eh.” Pagdadahilan nya.

“Natural. Pano ka hindi papansinin nun, eh may gusto yun kay Mikaela.”

Bigla syang tumigil sa pagsayaw. “Pano mo nasabi?”

“Hindi mo ba napapansin?” he asked. “Hindi ka man lang nagtaka na sa tuwing magkasama kayo ni Mikaela eh saka ka lang pinapansin ni Clarence?”

She thought about those times. Tama nga si Eron. Her ultimate crush has a crush on her friend. How ironic. She likes a bad boy and the bad boy likes a good girl. It’s like the devil fell in love with the angel.

“S-siguro naman nagkataon lang..”

“I also saw him kahapon, inantay nyang matapos maglinis ng classroom si Mikaela tapos umuwi na din sya.”

“O eh ba’t ‘di nya inihatid?”

Eron shrugged. “Pano nya ihahatid eh may sundo?”

Napansin ng teacher na hindi na sila sumasayaw at sinita sila. They kept quiet for the rest of the practice hours.

“Mika..can I ask you something?”

Mikaela closed her book. “Sure. Ano?”

“Sino’ng crush mo?” Brielle blurted out. She saw Mikaela blush. “W-wala..” Sabi nito.

“Ano ka abnormal? C’mon, hindi ko naman ipagsasabi eh.” Pamimilit nya.

“W-wala nga. Stop asking weird questions Bi.” Tumayo ito at lumabas ng classroom. Brielle sighed.

The following day, she saw Clarence—with his black hair. His earrings are gone and so are the rubber shoes. For the first time, he looked decent. Hinila nya agad si Eron sa tabi. “Nagkapalit ba kayo ng kaluluwa ni Clarence?” Tanong nya dito.

Natawa si Eron. “Ano ba namang klaseng tanong yan?”

Hinawakan nya ang buhok nito. “Clarence dyed his hair black. And you dyed yours brown.”

“Maybe he thought Mikaela likes good guys.”

“I hope he’s wrong.”

The change in Clarence became so evident that the teachers noticed it too. Everyone seemed to be talking about it. And Eron changed too. Aside from dying his hair, he also had earrings. “Ano ba talagang drama ‘to ha?” Minsang tanong nya dito.

“Bakit? Si Clarence lang ba ang may karapatang maghikaw at magkulay ng buhok?”

She glared at him. “This is way out of your personality Eron. Ano ba’ng problema mo?”

“Wala.” He said and left her without another word.

JS Prom Day.

Since walang nanay o kapatid na babae, Brielle didn’t know a thing about make-up. Kaya hinayaan nya na lang na nakalugay ang kulot nyang buhok at saka pinasadahan ng lip gloss ang labi nya. She looked in the mirror and got disappointed. She still looks the same—well, minus the bruises.

There came a knock at the door. She was sure it was her father. Sila lang naman dalawa sa bahay eh.

“Anak..” He called as he slightly opened the door.

Nilingon nya ito. Himala, hindi lasing. “Papa?”

Her father smiled. “You look beautiful, just like—your mother.”

She was touched. “Salamat po.”

“Pwede ba’ng pumasok?”

“Oo naman po..”

Pumasok si Mang Nelson at umupo sa gilid ng kama nya. Then he motioned her to sit beside him. Sumunod naman sya agad, wondering what he wants. Dumukot si Mang Nelson sa bulsa nito and out came a necklace. “Eto. Pamana ng mama mo.”

Her heart swelled. Ang necklace kaseng iyon ang isang pag-aari ng mama nya na hindi maiwan-iwanan ng papa nya. Wherever he go, the necklace goes with him. “P-pero papa--”

“It’s about time I let this go, hija. I have to let her go.” Sabi ni Mang Nelson na nagsisimula ng maluha. Napapaiyak na rin sya. She hugged her father with all the love she have for him. “I love you papa..”

“I love you too anak. Pangako, magbabago na si papa..”

Nagpahid sya ng luha at tumingin dito. “Talaga papa?”

Tumango si Mang Nelson. “And did I mention that you are beautiful?”

“Kakasabi nyo lang po.” Nakangiti nyang sabi. There came a knock downstairs. “Si Eron..”

“Boyfriend mo?” Tanong ng papa nya. Umiling sya. “Bestfriend po.”

“O sya, bumaba na tayo at baka ma-late pa kayo.”

Seeing her come downstairs was one of the most breathtaking experiences of his life. He had never seen her in a dress before. Hindi na namalayang kanina pa pala sya nakatulala. Tinapik lang sya nito kaya sya natauhan.

“You look beautiful..” Hindi nya napigilang sabi.

She blushed. “Thanks.”

“Sa wakas nagmukha ka ring tao.” Biro nya. Pinandilatan nya ito. Tumikhim si Mang Nelson na kanina pa pala nakatayo sa tabi ni Brielle.

“Good evening po.” So this is Mang Nelson, he thought. He clenched his fist, remembering the horrible things he did to Brielle. The first time he met the man, he just wants to punch him in the face.

“Papa, this is Eron. Eron, this is my papa.” Pakilala ni Brielle sa dalawa.

“Nice to meet you sir.” Napipilitan nyang sabi.

“Same here, hijo. Ingatan mo ang anak ko ha.”

He just nodded and motioned Brielle to go.

Pagkalabas ng pinto ay huminga ng malalim si Eron. Brielle looked at him. “O bakit ka bumubuntong-hininga dyan?”

“Kung makangiti ka kanina, parang hindi ka nya binubugbog ah.”

“You know I love my father..” Dahilan nito sa kanya.

“How can you love that man?!” Naririndi nyang tanong. “He was irresponsible. A drunkard. Mabigat ang kamay. H—“ SLAP.

“Don’t ever say such things about my father again!”

He went grim. “I’m sorry.”

“Umalis na nga tayo bago pa magbago ang isip ko.”

They didn’t talk for the rest of the night. Ng matapos ang program and it was time for the dance, Eron hurried to Brielle. “May I have this dance?” When she didn’t answer, he said, “You promised that I would be your first dance...”

He heard her sigh. Then she took his hand and let him lead her to the dance floor. The music was slow and they were both swaying awkwardly to it.

“Ouch!” Biglang sigaw nya. She literally stomped on his foot.

“You deserve it.” She muttered.

“Sorry na nga eh!” Sabi nya ng nakangiwi.

“Sorry doesn’t cut it.”

“What, you want me to beg? Luluhod pa ba ‘ko?”

She glared at him. “Sinabi ko ba?”

He sighed. “Look, I was way out of line kanina. Concerned lang naman ako sa ‘yo eh.”

She sighed too. “Fine.”

Ngumiti sya. “Bati na tayo?”

“Hindi pa. Si Clarence dapat ang first dance ko eh, sumingit ka na naman.” Naiinis nitong sabi.

“Bakit? Sigurado ka ba’ng gusto ka nyang isayaw?”

Inirapan sya nito. “Alam mo ikaw, panira ka ng pangarap.”

“Nagsasabi lang ako ng totoo. Masyado ka kaseng malayo kung tumingin eh. Malay mo naman, nasa tabi-tabi lang yung taong para sa’yo. Lagpasan ka lang kung tumingin.”

“Nagpaparamdam ka ba?” Natatawang tanong nito sa kanya. Binatukan nya ito. “Sinabi ko bang ako?”

They dance to several songs ng makaramdam na sila ng pagod. Naupo muna sila at pinapanuod ang iba habang nagsasayaw. After a few more songs, the DJ announced that it was down to the final song. Sumimangot si Brielle. “Last song na, hindi pa rin nya ako isinasayaw.” Now she realized na si Mikaela nga ang gusto nito. Halos lahat ata ng slow dance ay ito ang magkapartner. Clarence never lets her go.

“Tara, sayaw tayo.” Aya sa kanya ni Eron.

“Ikaw na naman?!”

“C’mon..” Hinila sya nito. He practically dragged her all the way to the center. At itinabi pa kina Clarence. Hay buhay...

“Pre, palit muna.” Maya-maya’y sabi nito kay Clarence. She couldn’t believe her ears. She finally got to dance with Clarence! Clarence, of course, hesitantly agrees. Okay lang, pwede na syang grumaduate dahil naisayaw na sya nito.

“Lagi mo na lang syang pinagbibigyan.” Puna ni Mikaela sa kanya. He sighed. “Hayaan mo na. Dun sya masaya eh.”

“Alam mo kung ganyan ka ng ganyan, walang mangyayari sa inyong dalawa...”

He looked at Mikaela. “Buti ka pa, napapansin mo.”

“Crush kaya kita dati kaya palagi ako sa ‘yong nakatingin. Ikaw naman, laging sa kanya lang nakatingin.” She admitted, blushing.

“Dati? Ibig bang sabihin—“

“Shhh.” Saway nito sa kanya. ”’Wag kang maingay.”

Eron chuckled. “I just wish she’s not that dense.” He said, looking at Brielle.

“Ikaw naman kase..alam mo, ang mga babae parang pulis yan. You can hand her all the evidence, but she won’t believe you until you confess.”

“Baka kase..if I confess to her, she might reject me. I don’t want to lose our friendship. It’s the only thing that keeps us close. I’d rather be her friend than her nobody.”

She patted his shoulder. “She’s so lucky to have you.”

“Thanks.” He said with a smile.

The weekend came like breeze. Monday na ulit, and for the first time in her life, she had no bruises to hide. After the prom, abala naman ang lahat para sa final exams, graduation at foundation day. Palaging hindi mahagilap si Eron dahil abala ito sa pag-aasikaso ng activities ng school. He seemed to have forgotten that it’s her birthday tomorrow. Umub-ob sya at nagpilit matulog kahit kakapasok pa lang nya sa klase.

“Hoy!” She nearly jumped off the seat. So Eron finally showed up.

“Wag ka ngang nanggugulat! Aatakihin ako sa puso sa’yo eh!”

He grinned. “Sorry. May naalala lang kase ako.”

“Ano naman?” She asked, pretending to not know why.

“Di ba may practice tayo bukas ng whole day?” Tanong nito.

She pouted. Akala naman nya,,

“So, ano’ng gusto mong regalo bukas?”

Her face brightened. “Akala ko nakalimutan mo na.”

“Ako pa.”

“Gusto ko ng kiss.” Sabi nya rito.

He chuckled. “Yun lang? Gusto mo ngayon na eh.” Ngumuso ito at aktong hahalik sa kanya.

“Sira! Hindi yan. Yung chocolate.”

“Ah..liliwanagin mo kase....”

Kinabukasan ay inantabayanan sya nito sa gate pa lang ng campus. “Happy birthday!!!” Masayang bati nito. She grinned. Naka-isandaang bati na ata ito sa kanya mula kaninang madaling araw. She lend out her hand. “Gift ko?”

He handed her a kiss. As in isa lang talaga. Isang piraso ng Hershey.

“Ano to?” She asked, frowning.

“Sabi mo kiss.” Pagdadahilan nito.

“Pampam. Penge pa.”

He kissed her on the cheek. Napahawak sya sa pisngi nya. “Hoy!” Sigaw nya rito. He just grinned. “Sabi mo penge.”

“Yung chocolate! Napakapilosopo mo naman eh!”

Tumawa ito. “Liliwanagin mo kase.”

Inirapan nya ito at saka naglakad palayo.

“Score!” Eron whispered to himself. Binuksan nya ang bag nya at hinugot ang isang malaking plastic ng Hershey’s kisses and handed it to her. “O ayan. Pakasawa ka hanggang sa mabulok ang ipin mo.”

“Yey!” She squeaked. “I love you talaga best friend!”

He smiled. Can you just drop the best friend part?, himutok ng puso nya.

Uwian na ng hapon. As usual, Mikaela was left with her group to clean the classroom.

“Andyan na naman sa may pinto si Clarence!” Kinikilig na announcement ni Mimay. It was evident to all her classmates na nililigawan sya ni Clarence. “Ang swerte mo naman Mika!”

She just smiled. It was so hard to concentrate on cleaning when he’s around. Kinuha ni Mimay ang walis sa kamay nya. “Ako na dito. Umuwi ka na’t baka mainip pa yang prince charming mo.”

She sighed. Eh hinihintay lang naman sya nitong matapos tapos uuwi na rin ito. And she was right. When he saw her get out of the room, tumalikod na ito at aktong aalis. “Clarence!”

He turned around at nilaro ang buhok, messing it up in the process. “San ka pupunta?” Tanong nya rito.

“Ahm..uuwi na.”

“Pwede bang ihatid mo ‘ko ngayon? Gusto ko kaseng maglakad.”

He smirked. Unlike any other guy in the school, Clarence preferred to smirk rather than smile. Girls find it kinda sexy. Girls including her—who just started palpitating at that very moment. “Sure.” Sabi nito.

“Bakit bigla kang nagbago?” Tanong ni Mikaela kay Clarence.

“Panong nagbago?” he asked innocently.

She smiled. “Tumino ka kase..”

He looked at her, confused. “Ayaw mo ba?”

Umiling sya at ginulo ang buhok nito. “Mas gusto ko yung dating ikaw. You don’t have to change for me Clarence. I liked you the way you were.”

At these words, Clarence’s insides fluttered. “Talaga? Gusto mo ‘ko?”

“Oo. Ang hirap pigilin eh.” Pag-amin nya.

He grinned and somehow Mikaela held her breath. He even looked cuter when he grinned. “So, tayo na?” Tanong nito. She blushed and just nodded, unable to muster the words.

Both Mikaela and Clarence were inseparable for the next few days. Their happiness, however, was short-lived. Ng malaman ng papa ni Mikaela na boyfriend na nya si Clarence ay nagalit ito. He threatened to take her abroad if she doesn’t break up with Clarence. Alam kase ng papa nya ang reputasyon nito since elementary. Noon pa man ay ayaw na talaga ng papa nya rito.

She had no choice but to stay away from Clarence. The latter was very much hurt but both can’t do anything. She didn’t tell Clarence about the situation. She just let him assume things. It’s best for him to hate her so that being apart won’t be much harder for him.

Foundation Day.

Nagulat na lang si Brielle when somebody cuffed her hand. Alam nyang sa marriage booth yun. Taon-taon may ganon sa school nila eh. Sanay na syang makakita ng mga umiirit na biktima ng social prank na yun. But never did she imagine na makakaranas din sya noon. She looked up to see her captor. It was Eron. He was smiling like he won a lottery. “Anong kalokohan naman ba ‘to ha?” Naiinis na tanong nya rito. Kinakantsawan na sila ng mga nakakakita. She blushed furiously while he dragged her away to the marriage booth.

Alfie, their class president was the ‘priest’ for the day. “Wala bang tutol?” Tanong nito sa mga nanunuod.

“Wala! Wala!”

“Ang tumutol, hindi makakalabas sa school ng buhay!” Kantsaw ng iba. Napatawa si Eron which diverted her attention to him.

“Walang nakakatawa!” She said in anger.

Sumeryoso ito. “Brielle Erany Lopez. Nakakarami ka na ah. Matagal na kitang pinagbibigyan. Hinayaan na kitang magpaligaw pero wala namang nagtatagal. Sawang-sawa na ‘kong makita kang inaagaw sa ‘kin ng iba. Ayoko na.”

Nagsigawan ang mga nakakanuod. Tumingin sya dito, searching for a sign that he was kidding. She found none.

“Ay ano ba! Gusto nyo pa bang makasal? Marami pang nakahanay eh!” Reklamo ni Alfie.

Sinenyasan ito ni Eron na magpatuloy. Tumingin si Alfie dito. “Ikaw Eron, tinatanggap mo ba—“

“Oo. Kaya ko nga kinaladkad dito eh.”

Alfie shrugged and turned to her. “Ikaw Bi, tinatanggap mo ba itong si Eron na kinaladkad ka pa mula main building hanggang dito mapakasalan ka lang?”

She was about to say no when Eron spoke. “Pag umangal ka, hahalikan kita. Sige.” She grimaced.

“Oo na!” Naiinis nyang sabi.

Eron reached for his pocket at kinuha ang dalawang singsing na yari sa manipis na kawad. “I promise to replace this when we get married for real.” With these words, the crowd burst into applause. Those were the words she’ll never forget for the rest of her life—or for ten years, for that matter.

TEN YEARS LATER. Everything has changed. Tanda pa nya noon, after graduation, lumipad na patungong Canada ang pamilya ni Eron. He became a celebrated software engineer. Madalas din itong ma-link sa kung kani-kaninong sikat na babae kaya naman iniisiip nya kung tutuparin pa din ba nito ang pangako nito sa kanya. She on the other hand, became a wedding planner. Maraming nag-uudyok sa kanyang mag-model dahil sa tangkad nya pero she turned them all down. She wanted a quiet life. Kagagaling lang nya sa Nunzio, Italy noon ng mabalitaan nya ang nangyari kay Mikaela. She learned that she got married to a man chosen by her father. She could tell by the pictures that she wasn’t happy. Poor girl, she thought.

Lucky for her, wala pang nakakahuli sa kanya. And though she hated to admit it, she still waits for that silly promise to come true. That’s why she was so afraid to come back to her town for the past years. What if he had gotten over her already?

“Oh my god! Bi?!”

Kunot-noo nyang nilingon ang tumawag. “Mimay?”

Tuwang-tuwa ito. “Ako nga! Kelan ka pa dumating?”

“Kahapon lang.” Sabi nya rito. At kahapon din nya nalaman na magkabati na ang kuya nya at ang papa nya. She was so happy to hear the news. Sinalubong sya ng papa nya, a new man.

“Magkasabay ba kayo ni Eron?” Tanong nito na ipinagtaka nya. “Umuwi ba sya?” Nagtataka nyag tanong. Wala na kase syang balita dito. Tumango ito.

“At alam mo bang engaged na sya?”

Aray. I shouldn’t have come home, she thought. Umiling sya. “N-no. Wala na akong balita sa kanya.”

“Sayang naman, akala ko pa naman kayo ng dalawa for life.” Sabi nito na naiiling.

She shrugged. “Sige Mimay, uuwi muna ako ah. Baka hinahanap na ‘ko ni papa. Thanks for the news.” Mimay waved at her. She walked home.

Pagdating nya sa bahay ay may nakita syang isang kotse. Not hers, by the looks of it. Nagtaka sya. Sino naman ang bibisita sa kanya? Si Mimay pa lang ang nakakita sa kanya kase kanina lang sya lumabas. Sinalubong sya ng papa nya. “Anak, may bisita ka.”

“Sino daw po?” Tanong nya.

Ngumiti ang tatay nya. “Basta. See for yourself, siguradong matutuwa ka.”

Pagpasok nya, the first one she saw is a very tall man. Naka-short ito at simpleng T-shirt, but that doesn’t change the fact that his presence is so arresting..and disturbing. He may have felt her enter the room kase bigla itong lumingon. Her jaw automatically dropped. “E-ron?”

He smiled. “Bree—“ Mabilis nitong tinawid ang maliit na space na nakapagitan sa kanila and hugged her so tight she thought she’d lose air. “I missed you.”

She felt tingles. But then she remembered that he was already engaged. Dagli syang bumitaw dito. Kumunot ang noo ni Eron. “Ano’ng problema? Didn’t you miss me?”

“W-wala. Medyo pagod pa kase ako. Sorry I can’t entertain you right now.” Dali-dali syang tumungo ng kwarto nya, not heeding his calls.

Kinabukasan, pag gising nya ay ito ang namulatan nya, nakatunghay sa kanya. Nagtakip sya ng kumot and blushed under it. “Bakit nandito ka?” She mumbled.

“Ang tagal mo kaseng gumising kaya pinuntahan na kita. Napuyat ka ata?”

Of course I was, she thought. Buong magdamag lang kaya syang nag-iisip kung iiwasan ito o ano ba.

Hinila nito ang kumot pababa, exposing her blushing face. “Did you drink again?” Kunot-noo nitong tanong.

“No.” Sinapupo nya ang mukha. “Natural lang yan.”

Umupo ito sa gilid ng kama nya. “Get dressed. Gagala tayo.”

“San naman tayo pupunta?”

“Maglilibot-libot. I missed hanging out with you.” He said with a smile.

Of course you do, she thought. With a sigh, she got up and pushed him out the door. “Out! Magbibihis lang ako.”

“Aren’t you gonna bathe?!”

She made a face. “Wag na. Ikaw lang naman ang aamoy sa ’kin.”

He shrugged. “Sabagay kahit naman maligo ka, ganun pa rin naman ang amoy mo.”

Pinandilatan nya ito at pinagsarhan ng pinto. She heard him laugh from the other side.

She did take a bath though. Iba naman kase noon. Dati, he doesn’t care how she smells or looks. But now, he’s engaged. His world doesn’t revolve around her anymore.

“San tayo pupunta?” Tanong nya dito. Kanina pa sila naglalakad.

“Hindi ko rin alam eh. San mo ba gusto?”

“Andito pa ba si Mika?”

He nodded. “Dun na lang?”

“Sige.”

Nakita nila itong nilalaro ang 3-years old na anak nito.

“Bi! Eron!” Bati nito sa kanya.

Both of them smiled.

“Buti naisipan nyong dumalaw.”

“Syempre na-miss ka namin.” Eron said.

“Bakit nga pala kayo napadalaw? Iimbitahin nyo na ba ‘ko?”

Kumunot ang noo ni Brielle. “Iimbitahin saan?”

Napakunot din ng noo si Mika. “Di ba—I assumed na..Eron’s engagement—“ Mika held her tongue. “I’m so sorry. I just thought—you guys—“

Eron smiled. She looked away. “Is this your son?” She held the child’s face. “Gwapo ah.”

Mikaela chuckled. “That’s Clarence. Renren, say hello to Tita Bi and Tito Eron.”

“Hello po.”

She looked at Mikaela. “His name is Clarence?”

Mika let out a laugh. “Malas nga lang walang ‘junior’ sa huli.”

“Mika—“

Mikaela held up her hand. “It’s okay. Tanggap ko na.”

“I’m sorry.” Was all she could say.

“There’s really nothing we can do about it. By the way Eron, who’s the lucky girl?”

Eron looked at both of them and scratched his head. “Well—“

Brielle craned her neck to listen. Yeah, who’s the lucky girl Eron? The one who made you break your promise of marrying me ten years ago.

“Her name’s Adelle. She’s kinda busy with her work right now. Kaya hindi sya nakasama pag-uwi ko.”

“When’s the wedding?” She asked.

Eron sighed. “I don’t know. Ayaw pa nyang mag-settle down. Maybe a few years from now..”

“Matagal pa. Pwede pang maagaw.” Mika whispered in her ears.

“Oy, anu yan?” Tanong ni Eron.

“Wala..” sagot ni Mika. “Ang tagal naman ata. So, when will we meet her?”

“Maybe next month. She’s promised to meet my family and—“ He looked at Brielle. “My best friend.”

“Mommy—I need to poo poo na.” Tawag ng anak ni Mika.

“Call yaya baby.” Sabi nito. Umiling ang bata. “I want mommy. Please....” Mika smiled and gave them an apologetic look. “Pasensya na kayo ah.”

“It’s okay. Babalik na lang kami minsan.” Brielle promised.

“Adelle huh. San mo naman nakilala yan?” Tanong nya kay Eron habang naglalakad sila pauwi.

“I met her through a mutual friend. We hit it off right away. The next thing I knew, I was kneeling in front of her, proposing.” He smiled at the thought.

“Maganda?”

He turned to look at her. “Sobra..”

“Mas maganda sa’kin?”

He smiled. “Pinapahirapan mo naman ako sa mga tanong mo.”

She smirked and tucked the stray strands of hair behind her ear. Nakalimutan nyang suot pa rin nya ang singsing na bigay nito ten years ago. “You still have that?!” He asked, surprised.

She instantly hid her hand. With the sly movement, she slid the ring off her finger. “What?”

Kinuha nito ang kamay nya at hinanap ang singsing. “That ring I gave you.”

“I don’t know what you’re talking about.”

“C’mon Bree. Itatago mo pa eh nakita ko na.”

She looked away. “Don’t call me that.”

“Why? What’s wrong?”

“Wala. Sige na, umuwi ka na. May pupuntahan pa ‘ko.”

“Sasamahan na kita.” Pagpiprisinta nito. Umiling sya. And then she went off.

Adelle arrived way too soon than expected. Brielle haven’t had the time to compose herself when another hit came smacking her on the head. She was beautiful alright—way too beautiful. She has soft, curly brown hair and doe eyes and a soft face. Hanggang balikat lang ito ni Eron. She dressed in style and sophistication that would make stylists run for their money. And she was very successful. A walking threat.

“Hi! You must be Brielle!” Nakangiting bati nito sa kanya ng magkita sila.

She forced a smile. “And you must be the fiancee.”

“Eron talks about you nonstop. I’m glad to finally meet his bestfriend.” “Sabi nito na may diin ang mga huling katagang binitiwan.

As if on cue, Eron came to Adelle’s side and kissed her, full on the lips. Brielle looked away. “Natutuwa naman ako at mukhang nagkakasundo kayo.” Sabi nito.

“Your bestfriend is very beautiful.” Adelle commented. Feeling as if she needed to return the favor, she said “So is your fiancee.”

Adelle pouted. “I might not make her the maid-of-honor, baka matalbugan nya ‘ko on my own wedding.” Eron smiled. “We’ll make her dress down then.”

Right, could I wear black instead?

“Could you be the wedding-planner Bree? Regalo mo na para libre?” Nasa kwarto nya ni Eron. Adelle was with his mother.

She raised her brow. “If I will plan your wedding then I won’t be your maid-of-honor.”

“That’s not fair.”

“What’s not fair is you breaking your promise.” She muttered.

“What?” Tanong nito.

“I said mahal ang talent fee for both roles.”

Sumimangot ito. “Minsan lang ako ikakasal. I want it to be perfect, and it won’t be perfect without you, you know that.”

“Don’t worry. When it’s my wedding, you won’t be obliged to be the best man.” She said with a bitter tone. It may have registered in Eron’s ears because he said “Bakit ba nagkakaganyan ka?”

“Wala.”

“I don’t believe you. Is it that time of the month?” He asked with a smile. She glared at him. “Ewan ko sa ‘yo.” She walked away.

She did agree to be the wedding planner though. But she insisted on not being the bridesmaid. Planning Eron’s wedding had been so difficult so far. Lalo na ‘pag si Adelle ang kausap nya.

“I want every thing to be red. The flowers, the mantles..kase di ba romantic ‘pag red? Actually, gusto ko red din yung gown ko. I mean, white is so off-putting. Masyadong boring. And besides, white is for virgins.” Tumawa ito. Apparently, she had lost it a long time ago, probably with Eron. She gripped her journal at that thought. Dirty bastard!

Tumingin ito sa kanya. “Is there a problem? Your face is red.”

She sighed. Her face is a dead giveaway. “Wala. Mainit lang dito.”

Adelle shrugged. “Anyway, gusto ko Vegas theme ha. Cocktail parties, bar style, casino, burlesque...stuffs like that.”

“Actually, gusto ni Eron yung mas subtle. No hard drinking—“

“I’m sure he’ll change his mind. He loves me.”

After a few weeks, Adelle left for Paris, she’s a professional model by the way. Eron was left to savor his last moments of bachelorhood. Pagbalik kase ni Adelle ay magpapakasal na sila. She insisted na padaliin ang kasal. Ang totoo nyan, they should’ve been married a long time ago. Sya lang itong nagdi-delay.

“Did she take your mind with her? Mukhang nakarating ka na ng Paris ah.”

He smiled. “Would you rather my mind be here?”

No, just your heart. “Aba natural! Ayokong makipag-usap sa tuod.”

He chuckled. “I bet you’re just jealous.”

“Ilusyunado ka rin pala no?”

“Ayaw pang umamin nito. Siguro kaya hindi ka nagbo-boyfriend kase in love ka sa ‘kin. No? Ano?!”

She grimaced. “Malala na yang pagka-delusional mo. Pa-mental ka na friend. Firstly, wala akong boyfriend kase busy ako sa career ko. Second, masyado silang marami, hindi ako makapili. And third, I just don’t feel like it. So there.”

“Defensive ka masyado ah.”

“Stay out of my love life.”

“Fine, I’ll be busy with mine anyway.”

Days sure pass by like a breeze. The two of them spend almost every hour together, reliving the old times. Brielle finds herself falling in love once more. She couldn’t help it. Ever since high school, she had always been in love with Eron. She just doesn’t show it, because they’re friends. And friends shouldn’t fall in love with the other.

“And friends shouldn’t fall in love with each other...tama. Hayy....”

Her phone rang. It was Eron, inaaya sya sa aplaya. “Bakit?” Tanong nya.

“Basta..pumunta ka na lang.”

“Bakit nga kase?”

She heard him sigh. “Wala. Kung ayaw mo, di wag.” Pinatay nito ang phone.

Mga ilang minuto din ang nilakad nya bago nya narating ang aplaya. Nakita nya itong nakaupo sa buhanginan.

“Oy.” Tawag nya. Lumingon ito na nakangiti.

“Ang tagal mo naman.”

Umupo sya sa tabi nito. “Ano’ng gagawin natin dito?”

“We’ll watch the sunset together.” Sabi nito.

She pouted. “Yun lang? Kita ko rin naman ang araw sa ‘min eh. Sayang lang lakad ko.” Tumayo sya at akmang aalis na. Tumayo din ito at hinila sya papunta sa dagat. Napasigaw sya ng inilubog nito ang ulo nya sa tubig.

“Stop it!” Sigaw nya when her head surfaced. Tumawa ito. “Ano’ng nangyari? Takot ka na ngayon sa dagat?”

Hinampas nya ito. “Salbahe ka! Ang ganda ganda ng damit ko eh!”

“Come on. Ang tagal ko ng hindi nakakapag-swimming eh.” Aya nito sa kanya.

“Hindi ka ba makakapaglangoy ng mag-isa?”

Umiling ito. “You know I can’t swim.”

She held her hands akimbo. “So ano pala ako rito? Lifeguard?”

He laughed. “Sort of. Give me CPR when I drown.” Having said that, he went off swimming. Sort of. Langoy-aso kase. Napatawa sya. In his 27 years, hindi man lang ito nag-effort mag-aral lumangoy. Hindi na sya umalis sa kinatatayuan nya. Pinanuod lang nya itong lumangoy. Medyo malayo na rin ito pero hindi sya nag-aalala kase nagawa pa nitong kumaway sa kanya. And he keeps on bobbing his head. Napailing sya. “Isip-bata talaga.” And then he disappeared.

Without thinking twice, she swam to where he was. She pulled him out of the water

and slapped him. “Eron..hey! Wake up!”

Hindi ito gumalaw. Nainis sya. Nanti-trip na naman siguro ito. She slapped him again and pounded on his chest. “Dammit Eron. Wake up! You’re scaring me..”

But he still didn’t move. That’s when she started to cry. “I hate you! Wake up!” She snorted and put her lips on his. She blew some air. Nothing happened. She did it again. And again. She gasped when he put his hand on her hair and deepened the kiss. Dali-dali syang lumayo. He sat up, smiling. “Not bad for our first kiss.” Sabi nito.

Tiningnan nya ito ng masama.

“What?” Natatawa nitong tanong.

Inirapan lang nya ito.

“Did I bite your tongue?” Pilyo nitong tanong.

“Hindi ka na nakakatuwa. You scared me.” She said.

He came near her and hugged her. “Sorry na.”

Itinulak nya ito. “Don’t ever do that again.” She stood up and left.

He knocked at the door. Si Mang Nelson ang nagbukas. “Good morning po. Andyan po ba si Bree?”

Lumingon muna si Mang Nelson bago nagsalita ng malakas. “Wala daw eh.”

He chuckled. “Asan daw po?”

“Aba’y nasa labas daw. Tulog.”

Biglang may humampas sa balikat ni Mang Nelson. Nagtatago lang pala sa likod ng pintuan si Brielle. “Papa naman eh..”

Napatawa si Mang Nelson. “O sya. Ako’y lalarga muna. Maiwan ko na kayong dalawa.”

“Sige po. Ingat po.”

“May problema ba tayo?” Tanong ni Eron sa kanya ng makaalis si Mang Nelson.

“Ano namang magiging problema natin?”

“Are you angry at me because I kissed you?”

“No.” She said. “I was angry at you...because you kissed me and you’re getting married.”

“Yun lang ba? Can’t two friends kiss?”

Umiling sya. “Friends should never kiss.”

He sighed. “Okay. I promise that it will never happen again. Bati na tayo?”

She rolled her eyes. “I need a Hershey.”

As if on cue, Eron brought out a pack of Hersheys. “I know” he said. She smiled.

“Fine. You’re forgiven.”

“Pwede na ba ‘kong pumasok?”

A corner of her lip rose up. She motioned him to come in.

“So, when’s the big day? Sekreto pa din ba?”

He smiled. “A week from now. Adelle’s arriving this weekend.”

“Ah. Sigurado ka na ba sa kanya?”

Tumingin ito sa kanya. “Of course. I’m marrying her.”

“Well that’s reassuring.” She said sarcastically.

“What do you want me to say then?” he asked.

“Wala.” She took off her necklace. “Here. Take your ring.” Ang singsing na ibinigay nito dati ang nagsilbing pendant ng kwintas nya. She kissed his cheek. “I wish you happiness. I’m sorry I won’t be able to make it to your wedding. Goodbye.” Then she smiled and went outside. She’ll be out of his life. Probably, forever. Probably, for the better.

He was standing near the window, looking far away. Kanina pa naka-ready ang damit nya but he didn’t feel like dressing up. Something is wrong.

“Oh hijo, bakit hindi ka pa bihis? Baka ma-late tayo sa wedding mo.” He heard his mom say. Nilingon nya ito. His mother looked beautiful as ever. Ilang beses na ba nyang i-ni-magine ang ganitong scenario? His mom and dad on his side at the most important day of his life, seeing them smile as the mbride walks down the aisle. His bride. Now, when it all came true, bakit parang may mali?

“Ma..have you ever doubted your love for dad?”

Ngumiti ang mama nya. “No. I’ve always known that he’s the one hijo and I never doubted that. Bakit? Are you having second thoughts about Adelle?”

He didn’t answer. He just smiled and put on his coat.

“Do you, Eron Ramil Sumico, take this woman as your wife for better or for worse, for richer or poorer, in sickness and in health, till death do you part?”

He didn’t hear what the priest just asked him. He stood there, tulala. He felt Adelle nudge him. Saka lang bumalik ang utak nya sa realidad. “S-sorry..what?”

He heard Adell huff. “I’m sorry. I can’t do this.” She said, na ikinagulat ng lahat.

“Adelle..” Pigil nya dito.

“I can’t marry someone who doesn’t love me..” sabi nito.

“It’s not like that—“

She held up her hand and said, “Just—give me the decency to walk away.” He watched as she walked down the aisle—in the opposite direction. Out of the church and out of his life. Women. Mga walk-out queen.

Brielle has her hands together and prayed. “Bigyan mo lang ako ng one week para kalimutan sya. Promise, after that, wala na talaga.” She smiled to herself and threw her cellphone in the Fontana D’Amore, the Fountain of Love. Nasa Nunzio, Italy sya, in her dream place to be wed. Sa harap ng famous fountain, she made a vow to forget Eron. “Siguro naman hindi na nya ‘ko mahahanap dito.”

A week later.

“Hello, I’m here again.” She greeted the fountain. Huminga sya ng malalim. “I wish to find a new love. Sana pagbigyan mo ‘ko.” She threw her coin in the fountain. Lahat daw kase ng nagwi-wish sa fountain na yun ay nakukuha ang mga gusto nila sa buhay. She hoped that it’ll work for her too.

“Ciao, bella.” She heard a man’s voice from behind her.

“Ang bilis naman.” She whispered to the fountain, smiling. Nilingon nya ang lalake.

“Hi.” Sabi nito, while waving his hand.

“What are you doing here?!”

Eron grinned. Her reaction was priceless. “Is that your way of greeting someone who just came all the way from the Philippines to see you?”

He saw her cross her arms. “How dare you leave your wife on your honeymoon?” She asked and then she looked around. “Or is she with you?”

“No one’s with me.”

“Why are you here Eron?”

He took a step towards her. “I came here to get you.” Itinaas nya ang kaliwang kamay. “Don’t worry. I’m still single.” He smiled. “And available..”

“So? Ano ngayon?”

He chuckled. “Baka lang kase gusto mong mag-apply.”

Hinampas sya nito sa braso but she’s smiling. “Sira ka talaga!” He caught her hands and placed it on his neck. He did the same with the other. Then he drew her closer. “I assure you na pasado ka na. No screenings. No tests. No interviews..” He kissed her forehead. “I love you Bree.”

She looked away. “This is wrong.”

Eron smiled. He felt her shivering. “But it feels so right, doesn’t it?”

She nodded. “Yes..”

“I’m sorry..for making you wait this long.”

Kumunot ang noo nito. “Wait for what?”

Eron took out the necklace she gave him. It has two rings in it. “Wait for that promise to come true.”

“It’s been ten years Eron, hindi na ‘ko magtataka kung hindi mo tupadin ang pangako mo.”

“Kasalanan mo rin naman eh. Hindi ka nagpapakita tuwing alumni. Hindi kita mahagilap. Eh di sana matagal na tayong kasal.”

She laughed. “Ang dami mo kaseng babae eh. Akala ko joke lang yung promise na yun.”

“Pano mo nga pala ako nahanap?”

“Your father gave me this.” Kinuha ni Eron ang isang coin sa bulsa nito. “I instantly knew na dito ka pupunta. Remember that dream you had ten years ago? You said that this is where you want to be married someday.”

“Naalala mo pa yun?”

He nodded. “Of course. I planned to marry you here. Actually, I brought your family with me..and my parents..and Mika. I-ninvite ko na rin yung mga classmates natin. We can get married anytime.”

“Adik ka ba? It takes years to prepare a wedding. And I don’t intend to be married inside the mayor’s office.”

He laughed. “I didn’t plan that either. Thanks to you, mas napadali na ang pagpaplano.”

“What did I do?”

“You wrote everything in your journal. Everything is settled. Even your gown.”

She gaped. “You got me Vera Wang?!”

He chuckled. “No silly. Si mama ang nag-asikaso. Mika contracted Vera Wang.”

“Ah..ganun ba?”

“So, all you have to do is say yes.” He inquired.

She raised her eyebrow. “Lumuhod ka muna.”

He happily obliged. “Brielle Erany Lopez..will you be my wife?”

She smiled. “Yes.”

Kinuha ni Eron ang tarheta na may lamang singsing. He slid it unto her finger and kissed her hand. Brielle then looked up at the statue at the center of the fountain and whispered, “Thank you.”

--end--

==========

First Love

“EARRINGS!”

Kyla shrieked. Hinahabol nya si Midos sa corridor ng school. As the school president, hindi nya tino-tolerate ang mga bawal sa eskwelahan. Midos always get on her nerves. Masyado itong pasaway. Medyo malayo na ito sa kanya. Mabilis kase itong tumakbo. May lahi ata itong snatcher.

“MIDOS! HUMANDA—KA-- ‘PAG-- NAHULI KITA!” Pahingal nyang banta. She halted. Hindi na kaya ng tuhod nya. Natatawang lumapit ito sa kanya.

“O ano? Suko ka agad? Ang hina mo naman.”

She glared at him. “Isusumbong kita sa principal!”

“Eh di magsumbong ka. Samahan pa kita, gusto mo?”

Inirapan nya ito. Alam nyang wala ring kwenta ang mga banta nya. Tiyahin kase nito ang principal. Isumbong man nya ito, alam nyang hanggang sermon lang ang aabutin nito.

“Hindi ka ba talaga magtitino? Ga-graduate ka na ah.”

“Kaya nga hindi na ‘ko magtitino. Hindi na ako makakaganito sa college eh.”

Bigla nyang hinablot ang tenga nito. “Aray! Aray!” Reklamo nito.

“Kapag nakita ko ulet na naka-hikaw ka, pipilasin ko yang tenga mo, intiendes?”

Midos held up his hand. “Oo na!” Tinanggal nito ang hikaw at padabog na ibinigay sa kanya. “BAKULAW!” Sigaw pa nito habang tumatakbong palayo.

--

Kyla sighed. Araw-araw na lang ganoon ang eksena nila sa school. Lagi na lang syang bugnot. Bukod kase kay Midos, may mahigit 500 katao pa na nagbibigay ng sakit ng ulo sa kanya. Minsan naisip na nyang mag-quit sa pagiging presidente, pero lagi naman kase syang ipinagtutulakan ng mga teachers na tumakbo. Pangatlong termino na nga nya ito. Wala naman kaseng kumakalaban sa kanya.

“Kyla, tawag ka ni ma’am Lizaro sa faculty.” Tawag sa kanya ng classmate nya.

“Sige, pupunta na ‘ko. Itatapon ko lang itong basura.” Uwian na noon. Lahat ng mga kasama nyang cleaners, umalis na. Sya naman lagi ang natitira. Hinahayaan na lang nya sila. Nakakasawa ring mamillit.

--

Sa may likod ng eskwelahan ang tapunan ng basura. Itinataktak nya ang trash can ng may napansin syang nakadikit sa pader. Isang origami na hugis puso. Nilapitan nya ito at binuklat. May sulat sa loob.

How can I tell her I love her? I don’t know.. I guess I’ll be forever like this... loving her from a distance...

Kumunot ang noo nya. Sino namang emo ang mag-iiwan ng ganitong mensahe? At sa tabi pa ng basurahan. She decided to throw it away. Then she stopped. Paano kung hindi naman ito para sa kanya? She decided to keep it. Wala naman kaseng pangalan ang sulat eh.

--

Kinabukasan, nakita na lamang nya na wala na ang sulat na idinikit nya sa pader. He smiled.

--

“Who wants to answer?”

Tanong ng teacher sa kanila. Walang nagtaas ng kamay. Trigo kase. Si Mr. Dimaculangan ang teacher. Sobrang terror nito.

“Mananawag na naman ba ako? Sige..Bustamante!”

Napalingon ang lahat kay Midos, na noon ay tutuka-tuka sa antok. Hinampas lang sya ng classmate nyang si Lance kaya bigla syang natauhan. “S-sir?”

Inilahad ng teacher ang chalk at sinenyasan syang pumunta sa unahan. Napilitan syang tumayo.

After 5 minutes ng pakikipagtitigan sa blackboard, kinutusan sya ni Mr. Dimaculangan. “Ayan na nga ba ang sinasabi ko eh! Tulog kase ng tulog!”

Napakamot sya.

“Kyla, pakitulungan nga itong si Midos.”

Kyla stood up. And once again, ipinakita nito ang dahilan kung bakit sya ang best in math sa buong klase nila.

“Very good. Mga minsan nga ay turuan mo itong si Bustamante at ng makasagot naman sa klase ko.” Sabi ni Mr. Dimaculangan. Midos just rolled his eyes.

--

I hope that you would notice the longing behind my laughs. I wish you could see the pain beneath my smiles. I tried to pretend that I didn’t care but it hurts everytime you believe that..

“Napaka-drama naman nito.” Kyla ripped a page from her notebook. She began to write.

Who are you?

Pagkasulat ay gumupit sya ng tape at idinikit iyon sa pader tapos ay saka ibinulsa ang sulat na nakuha nya.

--

After she left, he stepped out away from the trees. Nilapitan nya ang sulat at kinuha iyon. Then he started to write.

--

“Hoy bakulaw!”

Kyla stopped walking. Napapikit na lang sya. Umagang-umaga, panira ng araw. She drew a sharp breath.

“Bakit pangit?!”

“Mukha mo.”

“Ano ba’ng kailangan mo? Umagang-umaga nang-aasar ka!”

Ngumiti si Midos. “Pautang naman.”

Napatawa sya. “Sagad talaga sa buto ang kakapalan ng mukha mo ano?”

“Sige na. Naiwan ko lang kase yung baon ko sa’min.”

“Kasalanan ko?” Pagtataray nya. “Magpakabait ka muna, baka sakaling maawa ako sa’yo.”

Sinimangutan sya nito. “Wag na nga. Damot.” Saka ito umalis.

--

Pagdating ng tanghali, naabutan nya itong mag-isa sa classroom, nakaub-ob. Tinapik nya ito. “Hoy! Bawal mag-stay sa classroom ‘pag lunch! Tumayo ka dyan.”

Umungot ito. “Pagbigyan mo na...”

“Hindi pwede. Rules are rules.”

Tumunghay ito. “Hindi mo na nga ako pinautang, balak mo pa akong paglawayin sa canteen. Itinutulog ko na nga lang ang gutom ko eh.”

She felt a surge of guilt. Humugot sya ng singkwenta sa bulsa. “O hayan, pumunta ka ng canteen. Bilis! Baka abutan ka ng time.”

His face lit up. Tuwang tuwa ito ng kunin ang pera sa kanya. “Thanks!” He got up and kissed her cheek. Saka ito nagtatakbo palabas. Naiwan syang nakatayo habang sapupo ang pisngi nya.

--

Later that day, nakakuha na naman sya ng sulat sa pader.

I’m not the kind of man who deserves you but I still longed for that to change. I wish I could change..to be someone you’d want. Someone you’d love. Someone who’s not gonna be an extra burden. I wish I could be all that to you and more. But for now, I’m just this silly boy who isn’t brave enough to say these things to you in person.

She tore the paper off the wall and wrote her own.

DO YOU KNOW ME?

--

The next day...

Lunchtime noon pero tinatamad kumain si Kyla kaya naisipan muna niyang pumunta sa library. The corridor was deserted. Tahimik. She closed her eyes and savored the silence.

“Ano kase...matagal na kitang gusto. Sana hayaan mo akong maging girlfriend mo..”

She heard a voice say. Napamulat sya at luminga. Saan naman kaya nanggaling ang boses na yun?

“Sorry..pero..may iba na kase akong gusto..”

This time it was a guy. Kumunot ang noo nya. Para kaseng..kilala nya ang boses na yun.

Narinig nyang humikbi ang babae. “P-pero...madali rin naman akong mahalin. Kung bibigyan mo ako ng chance..b-baka..mahalin mo rin ako..”

Sinundan nya ang boses hanggang sa mapatapat sya sa science laboratory. Mukhang doon nga nag-uusap ang dalawang iyon.

She heard the guy’s voice again. “I’m sorry. Hindi naman kase ganun kadali yun eh.”

“Bakit naman? Kung may iba ka ng gusto..bakit wala kang girlfriend?”

Bumuntong-hininga ang lalaki. “Ang totoo nyan..hindi ko kase alam kung gusto rin nya ‘ko eh. Mukhang hindi..”

“Ayon naman pala eh. Sa ‘kin ka na lang...para garantisadong mahal kita, di ba?”

Pagpupumilit ng babae.

“Makakahanap ka rin ng taong magmamahal sa’yo. Yung mas higit pa sa’kin. As for me..well..sya lang talaga ang gusto ko. Sorry.”

Silence.

.

.

.

She listened intently. Then she heard the girl laughed. “Ang saklap ano? I love you but you love her. Sana lang hindi ka rin nya mahalin ng patas na tayo.”

Biglang bumukas ang pinto. Napaurong sya. Lumabas ang isang babae. Tiningnan sya nito. Nagulat sya. Kilala nya ito. It was Trish. Third year na nakalaban nya noon sa oration. Nagtatakbo itong palayo.

“Kyla?”

Nilingon nya ang tumawag. She didn’t expect to see Midos there. So..he was the guy.
“Ikaw?”

Tiningnan lang sya nito. “Kanina ka pa rito?”

“Ah..ano..hindi naman. Napadaan lang..s-sige.Una na ‘ko.”

“Kyla..”

Nilingon nya ulet ito.

“B-bakit?”

His face looked solemn. Parang may kung anong bumara sa lalamunan nya. Hindi kase sya sanay ng ganito ito. Palagi silang nagbabangayan. Palagi itong maingay. Ni minsan, hindi pa sya nito tinawag sa pangalan nya..ngayon lang.

He looked away. “Wala...”

--

You are everything I desire. I hope the universe would conspire, hoping that they’d agree with me. There’s no more perfect that the combined you and me. :)

--

Kyla smiled as she saw the note. For some reasons unknown to her, she finds herself gradually being attached to Mr. Note, as she had preferred to call him. In spite of her mind’s opposition, mas pinili nyang sundin ang puso nya.

Magpakilala ka na..pwede? :)

She left the paper taped on the wall and went away with a smile on her face.

--

“Ang ganda ng view ano?” Tanong ni Lance kay Midos. Nasa isang classroom sya sa second floor ng building nila, nakasilip sa bintana.

“Huh?” Kunot-noo nyang nilingon ito. “Ano na namang pinagsasasabi mo dyan ha?” Tanong nya dito.

Itinuro nito ang tinitingnan nya sa baba. Nagpapraktis kase ng interpretative dance ang mga piling estudyante ng section nila para sa nalalapit na Recognition Day.

“Ganda ‘no?” Nakangisi nitong tanong.

He smiled. “Maganda nga.”

“Kung ako sa’yo pre, liligawan ko na yan.”

Umiling sya. “Nakakatakot eh.”

Napatawa si Lance. “Takot ka dyan?”

“Takot akong ma-basted. Baka di ko kayanin.”

Tinapik nito ang balikat nya. “Pare..matagal mo nang pinipigilan yan. Kung ako sa’yo, sasabihin ko na. Baka maunahan ka pa ng iba dyan..sige ka.”

“Hindi yan..simula grade one kilala ko na yan. Walang makapanligaw dyan. Nakakatakot kase.”

“Eh hanggang kelan mo balak maghintay?”

“Hangga’t kaya..”

“Eh panu pag bigla kong niligawan?” Pabirong tanong nito.

Tiningnan nya ito ng matalim. Alam nyang pabiro lang yung tanong nito pero naiinis sya. Nahalata yata nito iyon.

“Joke lang pre! Iba type ko.” Bawi nito.

“Buti naman.”

--

She felt the hairs of her nape rise. Kinilabutan sya. Para bang may nakatingin sa kanya sa malayo. Kyla looked around. Hanggang mapatingin sya sa taas. She saw two guys looking down at them. Mga classmates nya..sina Midos at Lance. Kinawayan sya ni Lance habang si Midos naman ay nag-iwas ng tingin.

“Antipatiko..” She muttered.

“Kyla. Ready na..”

“O-okay.”

--

Sorry, I can’t. I couldn’t bear the fact that you will get to hate me once you know who I really am. Sorry for being this frightened. I’m just afraid of losing you without even having the chance to have you.

“Ayy...duwag pala.” She said, disappointed. Akala pa naman nya ay makikilala na nya ito. She can’t wait to know who Mr. Note is. Ang dami nyang gustong itanong dito.

--

“Guys, punta kayo mamaya sa bahay ah.” Aya ni Shelby sa kanila. Birthday kase nito. Sweet 16. Palibhasa mayaman, bongga ang party.

“Nakakahiya naman..siguradong naka-formal lahat ng tao dun.” Reklamo ni Midos. Wala kase syang kahilig-hilig sa mga party.

“Hindi...sabi ko kay mama Hawaiian ang theme..kaya casual lang ang suot.”

“Pass muna ‘ko..” Sabi nya.

Lumapit si Lance sa kanila. “Pumunta ka na pre. Pupunta rin sya..”

“Talaga?” Interesado nyang tanong.

Ngumiti si Shelby. “Oo. Pinilit ko. Alam ko naman kaseng hindi ka pupunta ‘pag wala sya.”

He looked at Lance. Kahit kelan talaga hindi ito makapagtago ng sikreto. “Bakit mo sinabi?”

“Kase kapag hindi nya sinabi...basted sya sa’kin.”

“Kayo na?!” Gulat nyang tanong. “Kelan pa?”

Napakamot ng ulo si Lance. “Ano..kahapon lang.”

“Kaya kapag hindi ka sumama..sayang lang ang pagpipilit ko sa kanya.”

He sighed. Pasalamat na lang siguro sya at hanggang ngayon ay wala pang naglalabas ng lihim nya. “O sige..pupunta na ‘ko.”

“Magdala ka ng bihisan ah. Overnight tayo. Sabado naman bukas.”

“Sige sige.”

--

Mag-aalas otso na ng gabi, wala pa rin si Kyla sa party. Kung bakit pa kase hindi nya malaman laman kung saan ang bahay ni Shelby eh. Wala naman syang number nito. Hahayyy...

Maya-maya, biglang nag-ring ang cellphone nya. Walang pangalan ang caller.

“Hello?”

“Kyla! Asan ka na? Kanina pa kami naghihintay sa’yo!”

Si Shelby pala. “Shelby? Sorry..hindi kase naitanong kung san ang bahay mo.”

“Asan ka?”

“Nasa bahay pa eh. Hindi na ata ako makakapunta.”

“Wait. Ipapasundo kita.”

“Wag na. Makakaabala lang ako—“

“Di pwede. Papunta na sya dyan. Intayin kita ah. Bye.”

Shelby hung up.

Tumayo si Kyla para maghanda ng damit. Biglang bumuhos ang malakas na ulan. “Hayyy..malas.”

--

“Tao po!” May malakas na tawag sa labas. Nagising sya mula sa pagkakaidlip. Nakatulog na pala sya. Ang lamig-lamig kase... umuulan pa. Dali-dali syang kumuha ng payong at lumabas.

Nakita nyang nakatayo sa may gate nila si Midos.

“Midos? Bakit wala kang dalang payong?!” Isinukob nya ito sa payong nya at hinila papasok a bahay nila. “Tsk. Kasalanan mo pag nagkasakit ka ha..”

“Ulan lang to.”

“Ulan lang ba? Eh pano kung magkasakit ka?”

“Uyyy..concerned?” Tanong nito ng nakangiti.

Inirapan nya ito. “Feeling mo naman.”

“Joke lang. Wala kang kasama?”

“Wala. Nasa lamay sila lahat.”

“Hindi ka ba natatakot? Mag-isa ka lang kanina pa?”

“Hindi. Oo.”

“Sabagay..nakakatakot ka rin naman.”

Tinaasan nya ito ng kilay. He gave her a hearty laugh in response.

--

“O, magbihis ka muna.” Inabutan nya ito nung isa nyang t-shirt na masyadong malaki

sa kanya. Unisex naman ‘yung shirt. ‘Yun bang para sa mga org. Eh napalaki lang ‘yung size nya.

Agad naman itong sumunod at nagsimulang maghubad sa harap nya.

“Hoy!” Pigil nya rito. “Ano’ng ginagawa mo?”

“Magbibihis.”

Hinampas nya ito ng damit. “Adik! ‘Wag sa harap ko!”

“Bakit? May pagnanasa ka sa ‘kin?” Nakangisi nitong tanong.

Hinampas nya ulit ito ng damit. “Kapalmukz ka talaga kahit kelan. Hayyyy!!” Iniwanan nya ito at nagpunta sa kusina. When she came back, he has changed his clothes already.

“Ano--Tayo na?” Tanong nya.

Kumunot ang noo nito. “Ang bilis mo naman. Hindi ka pa nga nanliligaw eh.”

She smiled. “Ayy..pacute. Hindi naman cute.”

“Cute ako.” Pagtanggi nito.

“Ows? Sabi nino?”

“Sabi ko.” Sabi nito. Nagkangitian na lang silang dalawa.

Outside, unti-unting tumitila na ang ulan. Nang mahinang patak na lang ito ay napagpasyahan na nilang umalis.

--

“Thank goodness! Akala ko hindi na kayo darating.”

She gave Shelby an apologetic look. “Sorry, nagpatila pa kase kami.”

Shelby smiled. “Okay lang. At least you came. Tara na sa loob. Nomo na lang ah. Tapos na kase yung kainan. Tagal nyo weh.”

--

Halos lahat ng bisitang nandoon ay may tama na. Nadatnan nila ang mga ito na naglalaro ng ‘Spin-the-Bottle’.

“O ayan na pala sila. Sali kayo oi.”

“Etong session natin ay tatawagin nating ‘Maboteng Usapan.’ Tapatan na!” Lance announced enthusiastically. Their classmates cheered with him. Bigla syang kinabahan...

Sa pangatlong ikot ay sa kanya napatapat ang bote. Tuwang-tuwa ang mga kaklase nya. Si Shelby ang nagtanong. “Bawal ang KJ ah. Sino crush mo?”

Tutok ang atensiyon sa kanya ng lahat. “Wala.” Pasimple nyang sagot.

“Weh? Hindi nga?”

“Wala nga.”

“Abnormal yan eh.” Singit ni Midos. Inirapan lang nya ito.

“Sino nga Kyla? Kahit yung katiting lang. Paghanga lang naman eh.” Pamimilit ni Shelby.

“Wala..wala dito.” Pag-amin nya.

Namilog ang mata ni Midos. “Ows? Nagkaka-crush pala ang bakulaw?”

Binato nya ito ng unan.

“So..sino?” Tanong ni Mia, isa pa nyang classmate.

“Hindi ko kilala eh.”

“Ngek. Ano kaya yun? Crush na hindi kilala...”

“Ni hindi ko pa nga nakikita eh. Kaya walang kwenta kung tatanungin nyo pa ‘ko tungkol dyan.”

--

“Whooooo!! Si Midos naman!”

Pasimpleng tumayo si Midos at akmang aalis. Hinarang ito ni Lance. “Whoi pre, walang takasan.”

“Magsi-CR lang ako saglit!”

“Sus! Ayaw laang mabisto. Sasagot ka muna bago mag-CR.”

Napilitan itong maupo. Hindi maipinta ang mukha. Bigla tuloy sya ca-curious sa isasagot nito. Aminan daw ng crush eh. Sino kaya crush nito?

--

“Ano na?”

“Wala.” Sabi nya. “Abnormal din ako eh.”

James snickered. “Kung ayaw mo umamin, isasabi ko na lang. Kilala ko naman eh.”

Pinandilatan nya ito. Saka naman sumabat si Monica. “Oo nga. Kilala na namin. Sinabi ni Lance.”

He glared at Lance. Madaldal talaga ito kahit kelan. Nginitian lang sya nito na para bang nananadya.

“Ano na? Amin na kase...” Pamimilit ni Shelby.

--

Nagtataka si Kyla at parang gusto nyang magtampo. Bakit sya lang ata ang hindi nakakakilala ng crush ni Midos? Pero sabagay, di naman sila close. Pero kahit na— ilang taon na rin naman silang magkaklase eh. “Sino nga Midos?” She asked.

She heard him sigh. Dahan-dahan itong pumikit at dahan-dahang itinuro ang daliri....sa kanya.

She gasped. “Oh ayan. Masaya na kayo?” Sabi nito.

Natahimik ang lahat. Then Monica spoke. “Seryoso?”

Midos looked at them, confused. She looked at them too. Hindi nya maintindihan kung ano’ng nangyayari. “A-akala ko ba alam nyo na?” Takang tanong ni Midos.

She saw Lance smile. “Naniwala ka naman.”

--

Napasapo si Midos. Nabisto na, naloko pa! “Tado ka Lance..”

“At least alam na nya, di ba?” Natatawang dipensa nito.

He sighed. Ano pa nga ba magagawa nya?

--

“Paikutin ulit ang bote!”

Sya na ang nagpaikot ng bote. Tumama uli ito kay Kyla. Tinudyo tuloy ulit sila ng mga hinayupak nyang kaklase. “Uyyy.. soul mates talaga oh..”

He ignored them. Nakikita nya kaseng naiirita na si Kyla.

“O, tanong na..”

Shelby raised her hand. “Pano ‘pag niligawan ka ni Midos, Kyla? Sasagutin mo ba?”

--

Hindi na nagulat si Kyla sa tanong. Pero kahit papano, nadoble ang kaba na nararamdaman nya. Before she could answer though, bigla na lang tumayo si Midos.

“O pre..san ka pupunta?” Tanong dito ni Lance.

“Magpapahangin lang.”

“Ayyy..KJ.” Reklamo nito.

A corner of Midos’ lips curled up. “Saglit lang ako.” Sabi nito at pumunta sa terrace kung saan walang tao.

Feeling nya ay ayaw nitong marinig ang sagot nya. Sa araw-araw ba naman kase na pang-aasar nito sa kanya simula ata nung grade 2, wala na syang ibang naramdaman dito kundi inis.

She looked at her classmates. Hindi nya alam kung ano’ng isasagot nya.

“O, natameme ka dyan?” Puna ni Monica.

“Wag nyo na kase ako iloko sa kanya. Wala rin namang mangyayari eh.”

“Wala ka ba talagang feelings para sa kanya? Kase ikaw..matagal ka ng gusto nun.”

“Naniwala naman kayo agad? Eh halos lahat na ata ng babae sa school, sinasabi nyang crush nya.” Dipensa nya.

“Hindi. Ikaw lang talaga. Simula elementary pa tayo.” Pamimilit ni Lance.

She sighed. “Wag nyo na lang buksan ulit yang topic na yan. Magkaka-ilangan lang kami eh.”

Biglang pumasok si Midos. Malungkot ang mukha nito. “Guys, tutulog na ‘ko.” Paalam nito.

“Sige, ipapahanda ko na yung tutulugan niyo.” Shelby answered. Nagsitayuan na rin ang iba. Feeling tuloy nya galit silang lahat sa kanya dahil sa mga sinabi nya.

That night, she slept with a bothered heart.

--

LUNES.

Kyla felt uneasy. Nasanay na kase sya na pagkapasok nya ng school ay may binubulyawan sya. Ngayon, tahimik si Midos. Naka-proper uniform at wala ng earrings. Mukha na itong normal na estudyante. Yun nga lang, wala ng thrill ang umaga nya.

Nang umagang iyon ay nagbigay ng surprise quiz si Mr. Dimaculangan. Nakita nyang nag-angalan ang mga kaklase nya. Habang sya naman ay prenteng nakaupo lang. Hindi na nya kasalanan na sya lang ang nagbabasa ng notes tuwing weekends.

Habang nagki-quiz ay sumulyap sya kay Midos. Nagkakamot ito ng ulo at mukhang gusto ng punitin ang papel. She smiled. At least hindi lahat, nagbago.

--

“Pass the papers!” Nakakagulat na sigaw ni Mr. Dimaculangan. Nagkukumahog ang lahat to the last minute. Si Midos ay nakaub-ob pa rin, perhaps trying to figure out kung ano ang sagot sa mga equation na binigay dito.

“Ang mahuli, hindi na tatanggapin ah..”

She looked at Midos. Mukhang wala itong balak magpasa. Hindi rin ata nito naririnig na nagbibilang na ang teacher. Hinablot agad nya ang papel nito at ipinasa kasabay ang papel nya. Napatingin na lang ito sa kanya.

“May points din naman kahit mali eh. Mabuti na yun kesa ma-zero ka.” Paliwanag nya.

Midos smiled weakly. “Salamat.”

--

Kinahapunan, as usual, sya na naman ang natirang maglinis ng classroom. Pagkatapos magwalis, dali-dali syang nagtapon ng basura, hoping that she’ll see a note again.

Pagdating nya, nakita nyang malinis ang pader. Napasimangot sya. Siguro nga hanggang secret na lang ang pagka-secret admirer nito at wala ng balak magpakilala.

--

“O.”

Napatingin sya sa isang kamay na may rebisco. Then she looked up to see Midos. “Ano yan?”

“Merienda.”

“Busog pa ‘ko.”

Inilapag nito ang rebisco sa desk nya. “Bayad ko yan kaya ‘wag mong tanggihan.”

“Bayad saan?” Kunot-noo nyang tanong.

“Sa pagpapasa ng papel ko.”

“Hindi ko naman pinapabayaran ah.”

Kinuha nito ang biscuit. “Di wag.”

“Akin na pala.” Bawi nya at pilit na kinukuha ang rebisco dito.

“Ang gulo mo.” Sabi nito at inilapag ulit ang rebisco sa mesa. “Welcome.”

“Salamat.”

--

Recognition day. Kinuhang taga-picture si Midos ng klase nila. Lahat kase ay may mga kanya-kanyang gagawin, sya lang ang wala.

Everything went well according to plan. Magaling talagang mag-organize si Kyla. Bukod pa doon, first honor ulit ito.

After ng program, he handed the camera to Lance para maipaprint at i-post sa bulletin ng school.

Napakamot si Lance ng ulo ng makita ang mga kuha nya.

“Bakit?” Takang tanong niya.

“Eh wala ata akong mailalagay sa bulletin natin nito.” Ipinakita nito ang mga kuha nyang picture. Puro mukha ni Kyla. Si Kyla ng sinasabitan ng award. Si Kyla na nagsasayaw. Si Kyla na naglalakad...

“Yung grupo grupo na lang yung ipa-print mo.”

Lance sighed. “Pasalamat ka in love ka...sige.”

--

Buti na lang magaling magremedyo si Lance. Pero marami ring nakakapansin na sa

lahat ng group shot ay nandun si Kyla. Palagi namang sya ang itinuturo nitong salarin.

“Malapit na pasko no?” Tanong ni Lance sa kanya.

“Pre, 27 days pa..’wag kang excited.”

“Bakit? Ikaw ba hindi na-eexcite?” Takang tanong nito.

“Hindi eh.” Sagot nya. “Sa Singapore daw kami magpapasko.”

Namilog ang mata ni Lance. “Huwaw! Singapore? Pasama pre!”

“Gusto mo ikaw na lang ang pumunta.”

“Bakit ayaw mo?”

“Mas gusto ko dito.” Simple nyang sagot.

“Bakit?”

“Kase dito..may simbang gabi..may puto-bumbong. May keso de bola..”

Kumunot ang noo ni Lance. “Ayaw mo sa imported pre?”

“Sawa na ‘ko dun. Sana nga ma-convince ko si mama na magpapaiwan na lang ako rito.”

“Kelan ba kayo aalis?”

He shrugged. “Sa 15 daw.”

“Hindi ka sasama sa party? Ay kawawang bata. Ang sasarap pa naman ng pagkain dun.”

Sighing, Midos reached for his pocket and stared out the window. “Pipilitin ko talaga si mama kahit ano’ng mangyari.”

--

December 15. Umaga. Sa bahay nina Kyla nagpi-prepare ng mga handa. Masaya ang lahat kahit nangangamoy usok, sibuyas at karne na ang iba. For the first time, ang gaan ng pakiramdam nya. Siguro ganun talaga kapag magpapasko..palaging positibo ang mood ng bawat isa. Kaya paborito nya ang pasko eh. Even once a year, nagkakaroon ng chance na magkasundo-sundo lahat.

“Sayang ano, kulang tayo.” Pahayag ni Shelby. Ang tinutukoy nito ay si Midos. Kaninang madaling-araw ay lumipad na ang pamilya nito papuntang Singapore. In a way, malungkot. Ito kase ang nagpapasaya sa klase. Hindi nagiging boring ang isang bagay kapag kasama itong gumagawa. Pero masaya na rin sya—at least, walang magulo.

“Naku...for sure, tuwang tuwa yun dun. Biruin mo, sa Singapore sya nakakapag-Pasko.”

“Sabi nga ni Lance..ayaw daw niyang pumunta eh.”

“Bakit daw?”

“Mas maganda raw kase ang pasko dito.” Tumingin ito sa kanya ng may kahulugan. Nag-iwas sya ng tingin. Wala na yatang isang araw na hindi sila tinutudyo ng mga ito. Wala naman itong epekto sa kanya eh. Nakakainis lang.

--

Kinagabihan, masayang nagkakainan ang lahat. Kakatapos lang ng program nila. Pahirapan sa pagpaparte ng pagkain—as usual. Hindi naman kase maiiwasan na mapadami ang kain. Wala naman silang reklamo doon. Pasko naman eh.

“Midos!” Bulalas ni James na ikinagulat nila. Pumasok si Midos na naka-porma at may dalang dalawang plastic bag ng Duty Free. Ngeks. Bakit nandito sya? Tanong nya sa sarili. Ang alam nya kase ngayon ang alis nito papuntang Singapore eh. Pero apparently, hanggang Duty Free lang ang inialis nito.

“Late na ba ‘ko?”

Nagsi-hindi-an ang mga ito. Napailing din sya. Suddenly, there’s a light back in everybody’s face. Lalo na ng ilabas nito ang mga chocolates na nasa loob ng plastic bag. Nagkukumahog ang lahat sa paglapit dito. At dahil sa bilis ng pangyayari at dahil na rin sa sya ang nagsasandok ng mga pagkain—naubusan sya ng chocolate. Hindi nya maiwasang mapasimangot. Sayang..masarap pa naman ang imported na tsokolate.

“Hi.”

She looked at a big, brown teddy bear na may nakadikit na rose at chocolate.

“Ay ang daya..mas bongga yung kanya.”

Reklamo ng isa nyang kaklase.

“Hayaan mo na..natural lang yun pag nililigawan ka.”

Sagot naman ng isa.

Ibinaba ni Midos ang teddy bear to reveal his smiling face. Bakit ba parang ang

cute, cute nito ngayon? Ah—siguro kase..dahil hindi nya ito nakita buong maghapon. Na-miss lang siguro nya ito.

“Akala mo siguro hindi kita bibigyan ano?”

She smiled. “Para sa’kin pala yan?”

“Para kanino pa ba?”

“Akala ko para kay ma’am.”

“Wala naman akong gusto kay ma’am eh.” Nakangiti pa rin ito.

“Weh..pacute.”

“Cute naman talaga.”

“Sus.” Kinuha nya ang teddy bear.

“Bakit parang ayaw mong maniwalang cute ako?”

Tinaasan nya ito ng kilay. “Sinabi ko ba’ng hindi ako naniniwala?”

Lumapad ang ngiti ni Midos. “So...cute talaga ‘ko?”

“Oo na. Cute ka na. Magtigil ka lang.”

She saw his eyes sparkle.

--

When everybody had their fill, nagtungo ang lahat sa gitna ng classroom para sa exchange gift. Si Midos lang ang naiwang nakaupo. Hindi naman kase ito kasali.

Matapos mag-exchange gift ay tinabihan nya ito.

“O.” Inabutan nya ito ng regalo. Para sana sa teacher nila iyon pero naaawa sya dito. Wala kase itong natanggap na regalo.

“Para sa’kin ba talaga yan?”

“Hindi.”

“Eh bakit mo binibigay?”

“Eh kase kawawa ka naman..wala kang regalo.” Sabi nya na bahagyang naiilang.

Ngumiti ito. “Okay lang naman eh. Masaya na ‘kong di mo ako tinatarayan.”

“Ayaw mong tanggapin?” Mataray nyang tanong.

Kinuha nito agad ang regalo nya. “Sabi ko nga, akin na..”

“Magsisimba ka ba bukas?” Maya-maya’y tanong nya.

“Sasamahan mo ‘ko?”

“Ano..kase..nagyayaya sina Lance.”

Nag-isip ito ng saglit. “Ililibre mo ba ‘ko ng bibingka?”

“Bakit naman kita ililibre?”

“Para mapilit mo ‘ko.”

Tinapik nya ang ulo nito. “Feeling..kung ayaw mong sumama, okay lang no.”

“Eh di sasama na ’ko para hindi okay.”

“Huh?” Kumunot ang noo nya.

“Wala.”

“Hoy kayong dalawa..’wag kayong mag-solo dyan. Umakyat na daw lahat sa social hall at magpa-party party na!” Sabi ni Monica na sumasayaw-sayaw pa sa may pintuan. Napatawa silang dalawa.

Midos held out his hand. “Tara?”

Pinalis nya ang kamay nito. “Lakad na.”

Hinila nito ang kamay nya. At magkahawak-kamay silang pumasok ng social hall.

--

Hiyang-hiya sya sa mga reaksiyon ng mga kaklase nya. Mahigpit kase ang pagkakahawak ni Midos sa kanya kaya hindi sya makawala. Hanggang sa makaupo sila ay hawak pa rin nito ang kamay nya.

“Hindi mo ba talaga ako bibitawan?!” Paasik nyang tanong.

Ngumiti lang ito sa kanya.

“Nakakainis ka!” Hinampas nya ang braso nito. “Bitiwan mo na kase ako.”

“Sasayaw muna tayo.” Iyon lang at hinila sya nito sa gitna. He took her hands at ipinulupot ito sa batok nya. He drew her closer..to the point that she could actually hear his heartbeat and feel his breath. Parang pinangilabutan ang buo nyang katawan. Why does it feel so good to be in his arms?

--

Halos mag-aapat na tugtog na ng bigla syang hinila nito pabalik sa upuan. Finally, he let her hand go. Pero bakit ganun? Parang biglang may nagkulang. Hindi na nya maintindihan ang sarili nya. One moment she was begging for him to let her hand go. At ngayon naman, parang gusto nyang hawakan nito ulit ang kamay nya.

“Sorry.” He said apologetically. Tumayo ito at lumabas ng hall.

Hindi nya alam kung bakit ganun ang pakiramdam nya. Para bang maling nagtampo ito sa kanya. It’s as if, somehow, she needs to comfort and reassure him. She stood half-heartedly and followed him out of the hall. Hindi pa nya ito nakita agad.

--

“Para sa ’kin?” She heard his voice. Sinundan nya ang boses nito at nakita nya ito sa isang bakanteng classroom..with Trish. Hindi nya alam kung bakit bigla syang nainis.

“Oo. Gift ko sa’yo.”

Nakita nyang nagkamot ng ulo si Midos. “Baka may kapalit yan ah..”

“Kiss lang.” She heard her say. She gritted her teeth. Malandi talaga.

“Kiss?!”

“Sa cheeks lang naman eh. Para lang maging masaya ang Pasko ko. Sige na....”

“Sa cheeks lang ha?” Paninigurado ni Midos.

Nakita nyang tumango si Trish at inilahad ang pisngi. Midos gave her a peck on the cheek. Tuwang-tuwa si Trish. Habang sya naman ay nagpupuyos sa inis.

Hindi naman sa nagseselos ako.. sinungaling lang talaga sya kaya ako naiinis,

reklamo nya sa sarili.

Ako daw ang gusto pero panay ang halik sa ibang babae!

Napipika syang bumalik sa hall. Nagsumiksik sya sa likuran at umub-ob. The sounds are blaring at her ears pero wala na syang pakialam. Basta sya..matutulog.

--

“Kyla...hoy...gising na.”

Naalimpungatan sya.

“Papauwiin daw tayo ng maaga para makapag-simbang gabi tayo mamaya.”

Nagpunas sya ng mga mata at nag-iinat na bumangon. “Anong oras na ba?”

“10:30.”

“Saglit. Tutulong pa ‘ko sa pag-aayos dito. Umuna ka na.”

“Eh panu ka? Wala kang kasabay pag-uwi?” Wala nga syang kasabay. Pero sanay na sya. Duty calls.. And as president of the school, hindi naman ata magandang tingnan na sya ang kaunahang uuwi.

“Okay lang ako. Sige na.”

“Sigurado ka ah? Sige.” Kinawayan sya nito at umalis. Nagsimula na syang maglinis. Mabuti na lang at katulong nya ang mga kasamahan nyang officer. Matapos ang kinse minutos at madaliang paglilinis ay pinauwi na rin sila ng mga teachers.

--

“Hay buti..akala ko hindi ka na lalabas.” Nagulat sya ng bigla na lang magsalita si Midos na noon ay nakaupo sa labas ng pintuan ng hall.

“Iniintay mo ba ‘ko?”

“Hindi ba obvious?” Napangiti ito.

Inirapan nya ito. “Hindi ka man lang tumulong maglinis.”

Napakamot sya ng ulo. “Eh...kase nakatulog ako..sorry.”

“Sus. Nagdahilan pa. Umuwi ka na.”

Hinila sya nito sa kamay. “Tara na?”

Naumid ang dila nya sa pagkabigla. “T-teka..kukunin ko lang yung gamit ko sa classroom.” Binawi nya ang kamay nya at umuna sa classroom nila.

“Akin na yan.” Kinuha nito ang bag nya at ang malaking teddy bear na bigay nito. Kaya naman regalo na lang galing sa exchange gift ang natira sa kamay nya.

“Akin na to. Baka iuwi mo pa.” Inagaw uli nya ang teddy bear dito. Midos smiled.

“Buti naman nagustuhan mo yan.”

“Sinabi ko bang nagustuhan ko?”

Kumunot ang noo nito. “Bakit? Hindi ba?”

She smiled. “Joke lang. Salamat nga pala dito.”

Inakbayan sya nito. “Saka na lang kita sisingilin dyan.”

--

Dahil bakasyon, hindi na napuntahan ni Kyla ang pader sa may basurahan. Hindi na nya alam kung may note pang nakadikit dito. Basta sya...masaya lang sya nitong mga nakaraang araw. Nakumpleto nya ang simbang gabi dahil walang palya si Midos sa pagsundo sa kanya. Isang oras pa lang bago ang misa ay palagi na syang bihis.

Nang mag-Pasko ay nasa bahay nila ito maghapon. Halos ito ang katulong ng mga kapatid nya sa pag-ubos ng ube halaya at leche flan. Tuwang-tuwa pa ito sa pakikipaglaro sa bunso nyang kapatid. Pati ang nanay nya ay ayaw itong paalisin. Napaka-charming kase nito sa magulang nya.

It was like seeing him for the very first time. Ngayon lang nya narealize na underneath all those pranks, mabait pala ito...

“O, baka naman matunaw ako nyan.” Puna nito.

Nag-iwas sya ng tingin. Bakit ba kase nasasanay na syang tingnan ang pagmumukha nito? “Hindi kaya kita tinitingnan. Nag-iisip lang ako.”

“Habang nakatingin sa ‘kin?”

Binato nya ito ng throw pillow. “Asa ka naman.”

“Uyyy..guilty..” Natatawa nitong sabi.

“Heh!” Panininghal nya rito. Hindi nya alam kung over-confident lang ba ito o halatang halata na sya.

--

Dumating ang January na parang isang masarap na hangin. Kyla never felt happier. Not only na nabawasan ang sakit ng ulo nya, nadagdagan pa sya ng inspirasyon para mag-aral ng mas mabuti. Now walking to school seemed to be one of the happiest moments of her life.. Palagi kaseng nakaabang si Midos sa may gate ng school. And he will always smile whenever he sees her, kagaya na lang ngayon. When did he ever become so noticeable? Parang ito na lang halos ang gustong makita ng mata nya.

“Hi.” Nakangiting bati nito sa kanya.

“Hi.” She greeted back. “Ang aga mo ata?”

“Palagi naman akong maaga ah.”

“Sino’ng inaantay mo?” Painosente nyang tanong.

A corner of his lip lifted up. “Si Trish.”

Napasimangot sya. Alam nyang biro lang ito pero nainis sya bigla. Bakit naman kase halata nito agad pag nagseselos sya?

Nilampasan nya ito at dumeretso sya papasok ng school. Sinundan agad sya nito. “O ba’t nakasunod ka? Akala ko ba inaantay mo pa yung Trish mo?” Mataray nyang tanong.

Sumilay na naman ang nakakainis nitong ngiti. “Ba’t ganyan ka maka-react? Nagseselos ka ba?”

“Hindi ah!”

She heard him sigh. “Fine. Hindi na.”

--

Pagpasok nila ng classroom, binati agad si Midos ng mga kaklase nila.

“Pre, congratz!”

“Salamat.” Nakangiting sabi nito. Kumunot ang noo nya. Congratz saan?

“Ano’ng meron?” Takang tanong nya.

He shrugged.

Maya-maya pa’y pumasok na ang homeroom teacher nila na si Mrs. Sta. Fe. Nakangiti ito ngayon, especially kapag nagagawi kay Midos ang tingin. “Congratulations hijo. You’ve made us all proud.”

“Shel, proud saan?” She asked Shelby.

“Hindi mo ba alam? Nanalo si Midos sa Intercampus Literary Competition.”

Namilog ang mata nya. “Weh?”

“Oo. Kanina ko nga rin lang nalaman. May pagka-makata rin pala yang boyfriend mo.”

“Hindi ko sya boyfriend.”

“Boyfriend soon.” Nakangiting pahayag nito. She sighed. Hindi yata talaga lilipas ang maghapon na walang nanunudyo sa kanila.

--

“Congratz.”

Midos looked at her. “Para san?” Tanong nito.

“Sa pagka-panalo mo. Ngayon ko lang nalaman na magaling ka palang tumula.”

“Sa tagal nating magka-klase, ngayon mo lang nalaman?”

Umupo sya sa tabi nito. “Eh hindi naman tayo close...dati.”

Umusod ito sa tabi nya at inakbayan sya. “Eh ngayon...close na close na ba?”

Itinulak nya ang mukha nito. “Lumayo-layo ka nga sa’kin at naaalibadbaran ako!”

“Sus! Pakipot.” Natatawa nitong sabi.

Inirapan nya lang ito.

“Seriously though..natutuwa rin akong nalaman mong gusto kita. At least I can openly show you my affection, di ba?” Dugtong pa nito.

Tumaas ang kilay nya. “Akala ko ba bakulaw ako para sa’yo?”

He smirked. “At naniwala ka naman. You’re too pretty to be a monster.”

Her heart thumped with joy. Nakakatuwang isipin na nagagandahan ito sa kanya. “Hindi ako maganda.”

“Pa-humble?”

Umiling sya. “Ikaw lang ang nagsabi sa’kin na maganda ako.”

“Kase naman, lagi kang nakasimangot.”

“Kase naman pasaway ka.”

“KSP ako weh.”

“Halata nga.”

He laughed.

--

Nalalapit na ang graduation. Magkakaroon din ng prom..kaso hindi kasali ang fourth years. Masyado na raw kaseng maraming gastusin. It was the first week of February. Ngayon lang na-realize ni Kyla kung gaano kasikat si Midos . Kabi-kabila ang invitations na natatanggap nito mula sa mga babaeng third year. Pero tinanggihan nito lahat ng iyon.

“Bakit tinatanggihan mo sila?” She asked him once.

“Baka kase magalit ka.”

Somehow, it warmed her heart. “Hindi ako magagalit. Hindi naman kita boyfriend eh.”

“Okay.” Maikli nitong sagot.

--

Bilang pananamantala sa katungkulan ni Kyla, inatasan sya ng mga teacher na mag-organize ng prom. Hindi naman sya makatanggi. Lucky for her, hindi nya na kailangang magbihis ng maganda. Or so she thought.

That night, she felt so out of place. Naka-jeans lang kase sya. But who cares, anyway? Hindi naman sya third year. But still...

Nagulo ang daloy ng pag-iisip nya ng makita ang pumasok ng hall. Trish was wearing a cute, purple gown. Nakakapit ito sa braso ni Midos. The moment she saw him, she wasn’t able to take her eyes off him. Napaka-gwapo naman ata nito. Bakit ba kelangan pa nitong magpa-gwapo? Pinagtitinginan tuloy ito ng mga babae. She wanted to scratch their eyes out!

Pero mas naiinis sya kay Midos. Halatang napilitan lang itong tanggihan ang mga invitations ng mga third year dahil sa kanya. She regretted giving him permission.

Trish didn’t waste her time flaunting her date. Inggit na inggit ang mga babae dito, including her. Drat! Bakit na sya naiinis eh hindi naman sila?!

She saw Midos look her way. Inirapan nya ito.

--

Antok na antok na siya. Maiidlip na sana sya ng biglang i-announce ng teacher ang

prom king and queen. Guess who won the title?---Yeah, you guessed right.

Then it was down to that dance. The king and queen dance. Sa sobrang inis nya, papuslit syang lumabas ng hall at saka nagpunta sa likuran ng school, sa may basurahan. Buti na lang may ilaw. At buti na lang hindi sya takot sa multo. Ghosts won’t even dare bother her anyway.

Kumuha sya ng ballpen at papel sa bag nya at nagsimulang magsulat.

Kung mababasa mo man ito, please give me some advice. There’s this guy na sinasabing gusto nya ‘ko pero nakikipag-flirt pa rin sya sa ibang babae. He even took someone to the prom! Tingin mo ba dapat pa ‘kong maniwala sa kanya?

“Aw putek. Walang tape!” Nagpalinga-linga sya hanggang sa makakita ng bubble gum. Nandidiri man, kumuha sya ng isa pang papel para makuha ito at syang ginawa nyang pandikit.

--

Bumalik sya sa upuan nya at pinanood ang mga nagsasayaw. Then suddenly, someone lend a hand to her. She looked up straight to Midos’ eyes. Nakangiti ito.

“Sayaw tayo?” He looked like a teenage prince. Habang sya..mukhang alalay.

Inirapan nya ito. “Ayoko.”

“Tsk. Di ‘wag.” Nagsimula itong maglakad palayo.

“Hindi ako naka-dress. Nakakahiya.” Pagdadahilan nya. Nilingon sya nito at saka binalikan sa kinauupuan nya.

“Okay lang yan. Hindi rin naman ako naka-dress eh.”

“Hindi ako kasali sa prom.”

Hinila sya nito. “Wala akong pake.”

Wala na syang nagawa. Pinagtitinginan sila ng ibang estudyante pero mukha ngang walang pakialam si Midos. Nakatutok lang ito sa kanya.

“Wag mo ‘kong tingnan.” Saway niya dito.

“Bakit ba? Masama?”

“Oo. Magkakakuliti ka.”

Napatawa ito. “Okay lang. It’s worth it naman.”

“Baka masakal ako ng date mo.”

“Si Trish? Nahhh..friends lang naman kami. Gusto lang nya akong maka-date.”

“Friends ba yung ganun kumapit?!” Napanguso sya sa inis.

He grinned. “Selos?”

“Hindi ah—sinasabi ko lang yung nakikita ko.”

“Nabubulagan ka lang ng selos. Prens lang talaga kami.” Seryoso nitong sabi.

Hinampas nya ang balikat nito. “Aray naman!” Reklamo nito. “Oo na. Hindi ka na nagseselos. Joke lang naman eh.”

--

Matapos ang ilang sayaw ay ihinatid na sya nito sa kinauupuan nya kanina. What surprised her is when he sat next to her. “Dun ka nga sa date mo.”

“Ayoko nga.”

She sighed. “Wag ka nga dito. Ako lang ang pwede dito.” Pilit nya itong itinutulak.

“Kelan pa ‘to naging restricted area ha?”

“Ngayon lang.”

“Aminin mo munang nagseselos ka.”

“Sige upo na.” Tinapik nya nag bakanteng upuan sa tabi nya. Naupo naman ito agad at tahimik na pinanuod ang mga nagsasayaw. Yun nga lang, hanggang sa matapos na ang prom ay hindi na ito umalis sa tabi nya.

After the prom, he even helped her do the rest of her chores. Saka sya nito inihatid pauwi.

--

A few days later, naalala ni Kyla ang sulat na idinikit nya sa pader. Kaya kinahapunan, dali-dali syang naglinis ng classroom at nagtapon ng basura. She smiled when she saw an origami again.

What does your heart tell you? Don’t fail to recognize love. It only comes a few times. And why don’t you ask him then, just to be sure? Para mawala yang mga what ifs sa utak mo, learn to face your fears. I hope I helped. :)

Pagkabasa ay idinikit rin nya ang sulat nya.

Hindi ka nagseselos? He-he. Thanks sa advice pero hindi ko ata kayang magtapat sa kanya. Oo, nagseselos ako. Oo, gusto ko sya. Pero hindi ko alam kung ano’ng mangyayari kapag sinabi ko yun sa kanya. Siguro kelangan ko pa ng maraming time. :DD

--

I’m not jealous. I’m happy that you found someone like Midos. He loves you so much. You should’ve realized that by now. :)

--

Kumunot ang noo nya. She wrote down:

Paano mo nalamang si Midos ang tinutukoy ko?

--

“Aww. Ang cute nung tuta oh.” Nagpunta silang magkakabarkada sa bahay nina Lance dahil weekend movie marathon nila. Tuwang-tuwa sya ng makita ang mga bagong panganak na tuta ng aso nina Lance.

“Lance, akin na lang ‘tong isa.”

Napakamot ng ulo si Lance. “Ano—kase...may may-ari na nyan lahat eh.”

“Ganun ba?” Napamungot sya. “Sayang naman.”

Pumasok na sila sa sala ng tawagin sila ni Shelby. But throughout the movie, hindi nya makalimutan yung tuta.

--

It doesn’t take an expert to know na si Midos ang tinutukoy mo. The whole school talks about you both a lot. Hindi mo nga lang siguro halata dahil hindi rin nila sa’yo ipinapahalata. And by the way..when will you tell him that you like him?

SOON? I don’t know. I’m scared.

She wrote hastily.

--

The bell rang at noon signalling the lunch break. Malapit nang lumabas ng pinto si Kyla ng bigla syang harangin ni Midos. In his hands, he held a stack of papers. Familiar papers. Namilog ang mata nya ng ma-realize nya kung ano ang mga iyon.

“P-pano napunta sa’yo yan?!”

He grinned. “So..gusto mo pala ‘ko?”

“Akin na yan!” Pilit nyang inagaw ang mga sulat sa kamay nito. But being only 5’2” and him being 5’8”..lugi sya.

“Bakit ba? Eh binigay mo na sa ‘kin to.”

“Hindi para sa’yo yan!”

Itinaas pa nito ang kamay ng subukan uli nyang abutin ang mga sulat. “THESE are mine.” Mariin nitong sabi. “They were addressed to me.”

Maang syang napatingin dito.

“I’m Mr. Note.” He declared, smiling.

--

What?

Her heart thumped double time. Ito na ba yung kinatatakutan nyang tapatan? She wanted to run away. She’d never had a boyfriend. Probably because all the boys at school were scared of her. Hindi naman sa hindi sya mabait o maganda..it’s just..maybe because she was so intimidating. An honor student, always a class officer, an athlete and all around A-student, para bang nanliliit ang mga ito sa kanya.

That’s why hindi nya alam ang dapat gawin sa ganitong sitwasyon. She was so used to using her head all the time. When it comes to the matters of the heart, she’s zero. What will she do now? Alam na nito kung ano yung feelings nya..

“O ano? Bakit hindi ka na makapagsalita dyan?”

“B-bakit kase—“

Arrrggghhh!

She sighed three times. Natawa ito sa inasal nya.

“Hindi ko naman akalain na makukuha mo yung sulat ko sa pader.” Panimula nito. “I was just using that wall as an outlet. Nagulat na lang ako ng kinabukasan, nakita kong wala na ang sulat ko. More surprisingly, ikaw pa ang nakakuha. Don’t you think it’s fate?”

“Hindi lang naman ako ang pwedeng makakuha noon ah. Kung nagkataong iba ang nagtapon ng basura—“

“Kaya nga fate eh. Kase pwedeng iba..pero ikaw pa rin ang nakakuha.”

“Hindi rin.”

“Bakit ba parang ayaw mo? Alam naman nating pareho na gusto kita. Gusto mo ‘ko. Ano’ng problema?”

Tumungo sya, unable to meet his gaze.

Ano nga bang problema?

“Bata pa tayo.”

“So?” Kunot-noo nitong tanong. “Ang mama at papa ko, they were together since high school. They were still together. Kaya ‘wag kang magdahilan na bata pa tayo.”

“Bata pa tayo—“ Pilit nya.

“Ang kulit mo rin ano?” Puna nito.

“—kaya pwede pang mabago ‘yan o mawala.”

His face went solemn. “Don’t you trust me?”

“I don’t trust myself.”

He smiled again. “I’m willing to take that risk.”

She felt like she’s just been electrecuted. Pero kase..ang daming ‘what ifs’ sa utak nya. They could be so in love in what..a few years? And then what? It’ll fade. It’ll just fade away.

She sighed. “Nagugutom na ‘ko.”

“May baon akong pagkain.”

“Hindi tayo pwedeng mag-stay dito. Ako mismo ang nagsabing bawal tambayan ang classrooms during lunch break tapos ako pa ang unang-unang susuway?”

“Why don’t you not play by the rules just this once?”

“Hindi pwede.”

“Pwede.” He contradicted.

“Hay! Ang kulit! Sya sige. Kumain na tayo. Mabilisan lang.”

--

“Kayo na?!” Gulat na gulat na tanong ni Shelby kay Midos. “Kelan pa?” Kakatapos lang ng klase nila ng harangin silang dalawa ni Shelby. Apparently, nasabi na agad ni Midos dito ang tungkol sa kanilang dalawa.

“Kaninang lunch break.” Nangingiti nitong sabi.

Hinampas nya ito sa balikat. “Hoy! Ano naman yang pinagsasasabi mo?”

“Bakit? Totoo naman ah?”

Her lips formed a thin line. “Bakit mo pinagkakalat?!”

“So totoo nga?” Nakangiting tanong ni Shelby. Tapos ay bigla syang niyakap nito ng mahigpit. “I’m so happy for you friend.” Nag-init ang mukha nya.

“Wag mo namang ipaglakasan ang boses mo. Nakakahiya..”

Sinapo ni Shelby ang mukha nya. “Bakit ka naman mahihiya? Ito ikakahiya mo--” Itinuro nya si Midos. “—eh ang gwapo-gwapo nyan.”

“Sa’ng banda?” She tried to joke.

“Sa lahat ng banda.” Singit ni Midos. And she didn’t argue.

--

Kakagising pa lang ni Kyla ng marinig na maingay sa sala nila. Dali-dali syang bumangon para tingnan kung anong kaguluhan ang nangyayari. Nagulat na lang sya ng pagkababa nya ng hagdan ay bigla syang sumalubong ng isang cute na cute na tuta.

“Hi.” Nakangiting bati ni Midos.

She smiled too. “San galing to?” Itinuro nya ang tuta.

“Kay Lance.”

“Ah...so ikaw pala ang umagaw ng tuta ko.” She crossed her arms to appear angry..but her smile says otherwise.

Kinuha ni Midos ang tuta . “Tuta natin. Meet Mio.” He referred to the puppy.

Kumunot ang noo nya. “Mio? Pinangalanan mo na agad?”

“Oo. Ayaw mo ba?”

“Paano kung gusto ko eh Midoky?”

“Baduy.”

“Mikyla?”

“Lalaki kaya to.”

“Fine. Mio na nga lang.”

“Sabi ko nga.” He smiled victorious. “Kagigising mo lang no? Ni hindi ka pa nakakapaghilamos o nagsusuklay man lang.” He held the puppy with one hand and brushed her hair with the other.

“Kase naman..ang aga mong mambulabog.”

“Weh. Excited ka lang siguro na makita ako. Noh?”

“Hindi kaya! Baka ikaw!”

“Kasalanan ko bang ma-miss kita?”

She rolled her eyes. “Bolero!” Tumawa ito. “Dyan ka na muna. Maghihilamos lang ako.”

“Wag kang masyadong magpaganda ah. Baka lalo akong mahumaling.”

“Sapak?” Ikinuyom nya ang kamao. Nangingiti syang pumunta ng CR at naghilamos.

--

Days passed by like minutes. “Hindi ako makapaniwalang graduation na bukas.” Bulalas nya.

“Hindi ako makapaniwalang ga-graduate ako.” Natatawang pahayag ni Midos.

Nasa simbahan sila at nagpa-practice ng baccaluareate mass. Nasa kalagitnaan ng

pagsesermon si Mrs. Padua, ang homeroom teacher ng class 4-A.

“San ka magka-college?” Tanong nito sa kanya.

“Sa MAPUA sana ‘pag may pera. Ikaw?”

Huminga muna ito ng malalim bago sya sinagot. “Kelangang idialysis si mama.”

Hindi nya alam na may sakit pala ang mama nito. Kaya siguro palaging lumuluwas ang mama at papa nito.... “Marami namang magagaling na doktor dito, di ba?”

“Mas gusto ni papa sa Amerika.”

“So..dun ka mag-aaral?”

Tumango ito.

“Hanggang kelan?”

“Hanggang sa maging okay na si mama.”

“Pano tayo? Break muna?”

“Hindi!” Tanggi nito. “Kaya yun. Babalik rin naman ako eh.”

“Sigurado ka ba? Pano kung bigla kang main-love doon. Tapos aasa lang pala akong babalik ka pa.”

“Malabo yun.”

“Ngayon malabo. Pero pag tumagal yan, hindi imposible.”

“Bakit ba masyado kang negative?” Naiinis nitong tanong.

“Hindi negative, realistic lang.”

“Bakit ba masyado kang realistic?” Tanong ulit nito. She laughed. Now that was definitely a joke.

--

The graduation ceremony was finished at last. Halos lahat ng mga bagong graduate ay umiiyak, pati sya. Magkayakap silang umiiyak ni Shelby ng lumapit sa kanya si Midos. Hinila sya nito palayo sa karamihan. Sa may pader sa tabi ng basurahan.

“Ano na namang kalokohan ‘to ha?”

To her surprise, he kissed her. Not in a malicious, torrid, adult way. Somehow, her first kiss was innocent. Sincere. Ni hindi man lang nga sya napapikit sa pagkabigla.

“B-bakit mo ‘ko hinagkan?!” Hinampas nya ito sa braso. “Adik ka! Hindi ka man lang nagpapaalam!”

Napatawa ito sa reaksyon nya. “Eto...parang smack lang eh.”

“Kahit na! First kiss ko kaya yun!”

“First kiss ko din kaya yun. Nagreklamo ba ‘ko?”

“Ang kapal mo naman ‘pag nagreklamo ka pa..eh ikaw nga ang nauna.”

Niyakap sya nito. “This will be our last day together. Bukas na kami aalis.”

“H-Happy trip.”

I tried to sound light, as if it doesn’t bother me. Pero parang may bikig sa lalamunan ko. Ayoko namang umiyak. Baka isipin nyang sobrang mahal ko sya. Ayokong isipin nyang hindi ko kayang mawala sya. He might take me for granted.

“I love you.” He said.

It echoed in my brain. What will I say? Thank you? I love you too?

“T-thanks. Ingat ka.”

--

He smiled at her pero malungkot ang mata nito. She knows at the back of her mind that he felt like she rejected him.

If he returns, I will say I love you too,

she promised to herself.

Ang tanong.. babalik pa kaya sya?

==========

When He's Not Looking

“Ang gwapo talaga ni Simon!” narinig kong sabi ng isa kong schoolmate. Simon? Huh... that’s new. Last time yata narinig kong pangalan eh Greg. Last last time pa eh Evan naman.

Ganyan ang pinag-aaralan ng mga schoolmate ko. Lalaki. Kung sino ang gwapo at sikat... ‘wag ka nang masurprise kung kilala nila lahat. Updated sila eh.

Ako?

Nah... I don’t look at guys.

I have this habit of looking straight ahead na kahit nangangabangga na ay hindi ako tumitingin sa taong kasalubong ko. I don’t look at people because it makes me uncomfortable. I don’t look at guys... especially if it’s eye to eye.

Hindi ko alam kung paano ako nasanay pero since fourth year high school ay ganoon na ako.

Kaya hindi ko kilala kung sino ang gwapo, pangit, mataba, babakla-bakla, tatanga-tanga and such. Maganda sya in a way na hindi ako nagiging judgmental sa itsura ng tao. I only look at people when I need too... and that’s almost all the time, which sucks bigtime.

Pero kapag talaga naglalakad ako or if I can help it, deretso lang ang tingin ko.

--

Hindi ko alam kung anong kalakaran ng tadhana. Kailan ba darating sa ‘yo yung isang taong magpapabago ng buhay mo? Hindi ako aware eh.

Basta bigla na lang nangyari.

--

Simon... that’s his name. Hindi ko sya kilala personally kahit tatlong taon ko na syang ka-department. Lately, madalas kong naririnig ang pangalan nya na bukambibig ng mga babae dito sa IT department. Gwapo daw sya... not that I care. Pero sa hindi sinasadyang pagkakataon ay nasilayan ko ang mukha nya.

I didn’t see anything special with his facial features. Yung typical na gwapo... yun sya. Maputi. Matangkad. Matangos ang ilong. Mapungay ang mata. Mapula ang labi. Chiseled ang mukha.

Again... typical.

Ewan ko, wala akong nakitang espesyal sa kanya. Hindi ko nga maintindihan kung bakit sya pinagkakaguluhan eh gwapo lang naman sya. Hindi ko alam kung matalino ba sya o mabait. Hindi ako maka-connect sa kanya kase gwapo lang sya.

Or so I thought...

One time, nag-aaral ako sa kubo na malapit sa canteen namin ng mapadaan sila ng mga kabarkada niya. Hindi ko naman sya inaabangan. Ni hindi ko alam na sya yun. Sa sobrang ingay lang nila, napatunghay ako para tingnan kung sino yung hinayupak na maiingay.

At that same time, sakto naman na tumingin sideways si Simon. Nakangiti sya noon at halatang kakagaling lang sa paghalakhak.

Ewan ko...

There’s something about that smile that captivated me.

Nasundan pa iyon ng isang beses ay may performance ng sabayang pagbigkas sa department namin. Mga first year ang kasali. Hindi na sana ako manunuod kung hindi lang dahil sa kapatid ko na kasali rin.

So nanuod ako. Sabi ko pa sa sarili ko... kahit pagkatapos lang ni Jelu, uuwi na rin ako. Kaso ang masaklap? Sa dami ng enrollees sa IT, ten sections sila all in all. Pangwalo ang klase ng mga kapatid ko.

Ginawa pa akong camera man ni Jelu. Kuhaan ko daw ng video ang klase nila.

Kaya nang nagpeperform yung iba, nag-aantay naman ako sa mismong tapat ng stage. Maraming tao ang nagkumpulan sa court. Mabuti na nga lang at alas-kwatro na. Hindi na masyadong mainit.

Pero mukha naman yatang aabutin kami ng alas sais bago makauwi.

Kakasimula lang kase. Lampas na ng four saka pa lang magsisimula. Filipino time talaga.

Unang sumabak ang section A. Iisa lang ang piece na gagamitin nilang lahat. Mi Ultimo Adios ni Rizal. Para sa Socsci ng third year ang piece na yan. Dapat ay mag-gaganyan din kami ngayon. Ang kaso... yung teacher sa Socsci, handle din ang first year.

Eh maka-Rizal yun. Si Ma'am Salome. Tawag namin dun kabit ni Rizal eh. Ayun... first year tuloy ang nagsa-suffer ngayon. Sa 'min daw naman, skit ang ipapagawa nya.

I guess hindi talaga kami pwedeng maligtas sa kahihiyan na gusto nyang iparanas sa 'min.

By 4:20pm, ipinakilala na ang panel of judges. Then, sinabi na ang mga criteria for judging. By 4:40, nagsimula na ang performance.

Magaling ang section A. Kumpleto sa makukulay na props, malalakas ang pagbigkas at sabay-sabay. Confident halos lahat. Kung meron mang weak members, nadadala na ng lakas ng iba.

Sumunod ang B na medyo flop ang performance. Mga naka-white shirt lang at black pants sila. Tapos may mga kopya pa.

Kung flop ang B, lalo naman ang C. Nagkalat talaga sa stage! Tawanan ang mga nanunuod eh. Pero tingin ko hindi naman talaga sila nag-practice. Kahit sila mismo nagtatawanan.

Nung performance na ng D, umalis muna ako sa pwesto ko para bumili ng maiinom. Matagal-tagal pa naman sina Jelu eh kanina pa 'tong uhaw ko. Iniwan ko muna doon yung ilan kong mga kaklase na nanunuod rin.

Naglakad ako palabas ng department namin papunta sa canteen. Kakaunti na ang tao.

Uwian na rin kase. Sa paglalakad ko, hindi sinasadyang napalingon ako sa kanan. Siguro hinahanap na rin sya ng mata ko... kahit unconsciously.

Nakita ko syang kasama ang mga barkada nya, nag-gigitara sya doon sa may gym.

Akalain mo yun.. magaling pala syang mag-gitara.

--

Third place sina Jelu sa sabayang pagbigkas. First place ang A, second place ang 1-G at pangatlo sila. Pagkatapos ng picture-taking ng buong klase (ako ang photographer) ay umuwi na rin kami ng kapatid ko.

Pero sa dami ng napanuod kong performance at sa dami ng nangyari ngayong araw... isa lang ang tumatak sa isip ko.

Si Simon.. na nag-gigitara.

--

Dumalas ang pagtingin-tingin ko sa kanya. Parang kahit hindi sya hinahanap ng mata ko ay kusa syang nagpapakita. Lumala pa ang lahat... na kahit sa pagtulog ko, mukha nya ang nakikita ko. Minsan namamalikmata rin ako. Basta kahit saan, nakikita ko sya.

One time, biglang kumabog ang puso ko ng akala ko ay sya yung nakita ko sa Jollibee. Same stature kase. Pero pagtingin ko ulit, hindi pala sya.

I began to feel afraid. I got scared of the growing feeling. Ako na mismo ang umiwas. Kapag natunugan kong nasa isang lugar sya, hindi na ako pupunta doon. Kapag alam kong padaan sya sa tinatambayan ko, umaalis ako agad para magtago.

It might have been a different reaction from what others would expect but this is how this works for me. I'd like a guy from afar and then I'd let that feeling die.

Simple.

Sa kalakaran ng buhay love life ko, hindi masamang mag-asam na mawala ang unnecessary feelings towards someone na alam mong wala kang pag-asa. Sure, walang girlfriend si Simon at the time and I might even have a chance at him if I try... pero naisip ko, wag na.

Ganito naman lagi eh. Magkakagusto ako sa isang lalaki. Hahayaan ko lang. Lilipas. Mawawala.

Wala na rin akong problema.

Pero iba si Simon. Hindi ko ma-explain kung bakit... basta kakaiba sya.

When I first saw him and with his preceding reputation, akala ko talaga ay isa syang jerk. Yung tipong mahal lang ang sarili nya at wala ng iba.

At sa kagustuhan kong mapalapit sa kanya, sinubukan kong alamin ang mga bagay at mumunting detalye tungkol sa kanya.

Nalaman ko na kumakanta pala sya sa simbahan. Hindi sya sumasali sa music org ng school. Hindi rin sya kumakanta kapag kasama ang barkada nya. Ni hindi alam ng mga kaklase nya na magaling syang kumanta.

Ang alam lang nila magaling syang mag-gitara.

Sa ibang bayan kase sya nakatira, malayo sa karamihan. It so happened na may dinalaw doon ang nanay ko. Isinama ako nito. Bago kami pumunta sa bahay ng bibisitahin namin, nagsimba muna kami. Linggo kase noon.

Nagulat ako dahil nung komunyon na, nakita ko syang nasa upuan ng choir... kumakanta habang nag-gigitara. Nangingibabaw pa nga ang boses nya eh. It’s raspy and at first won’t seem to suit the solemn feel of the church... but it worked. There’s a different feel to it na hindi ko mawari kung ano.

Another thing na nalaman ko sa kanya is that he loves dogs. I’ve seen him pat and feed one on the street. Hindi yata nya ako napansin noon. How could he nga naman kung nasa likuran nya ako?

Pero dun sa simpleng gesture na yun... natuwa ako sa kanya.

Hindi lang pala sya gwapo.

Weeks have passed and I knew for a fact na may gusto na ako sa kanya. Hindi ko pa naman sya mahal pero papunta na doon. At tingin ko ay malapit-lapit na rin.

Nakilala ko sya through observation.

Never pa kami nag-usap and I doubt if we ever would. Puro assumptions lang ako sa kanya ang pinanghahawakan ko. I assumed na ganito ang gusto nya at ganyan ang ayaw nya. Sa isip ko, nabuo ko yung pagkatao nya based sa mga bagay na nakikita, naririnig at nararamdaman ko.

And I liked the guy he turned out to be inside my head.

I was satisfied and yet I wanted to know him better. Gusto kong hanggang tingin lang pero gusto ko rin syang makausap. Urong-sulong ako. Gusto ko sya pero ayaw ko.

Siguro dahil na rin sa ayaw kong tuluyang mahulog sa kanya in fear that he might not feel the same and yet I wanted to in hope that he might feel the same.

Alam kong magulo. Yan ang problema ko ngayon.

--

You know what’s funny and fascinating? I can tell whenever he’s around. I’d shiver all over na para bang kinikiliti ako ng balahibo ng manok sa batok. And I know where to turn to see him. Astig noh? Parang may magnet na humihila sa atensyon ko papunta sa kanya.

Kaya naman mas lalo akong nahirapang pigilan ang nararamdaman ko. Kaya hinayaan ko na lang. Sabi ko sa sarili ko, Sige, magpakasawa ka kakatingin sa kanya. Hindi naman nya ako nahuhuli dahil hindi naman nya ako tinitingnan.

Sino nga ba naman ako para tingnan nya?

“Simon!” malakas na sigaw ng lalaki sa likuran ko. Agad na kumabog ang dibdib ko ng tumingin si Simon sa gawi ko.

For a fraction of a second, nagtama ang paningin namin.

He held my gaze. I couldn’t look away. Kahit ilang metro ang layo namin sa isa’t isa, tumagos sa ‘kin ang tingin nya.

I felt my heart do its badump dance. Anxious yet ecstatic. What an exhilarating feeling!

Pero ayun nga... wala pa yatang ilang segundo yun. Binawi nya na agad ang tingin nya. Nag-iwas na rin ako ng tingin at bumalik sa pagbabasa. I was still fidgety though... kase feeling ko nakatingin pa rin sya. Nandito kase yung barkada nya sa likuran ko.

At dahil sa naiilang ako, tumayo ako at umalis na lang. Humanap ako ng ibang pwesto.

--

Hindi pa doon natapos ang lahat. I think the only way I can completely ignore him is if I transfer to another school—which will never happen. Masasakal ako ni inay.

One time, maaga akong pumasok. Quarter to seven, nasa school na ‘ko. Napaaga kase ako ng gising. Dahil sa wala akong magawa sa bahay, pumasok na lang ako ng maaga. Magandang lugar ang school sa umaga.

Tahimik.

I was walking down the hallway towards our classroom ng makasalubong ko sya... si Simon. Hindi ko alam kung bakit maaga rin syang pumasok... nataon pa kung kailan inagahan ko.

Naglalakad sya mula sa kabilang dulo ng hallway.

Bumagal ako sa paglalakad. There’s something that I want to say but words sometimes get in the way... Weak in the knees and heart pumping loudly, I stopped on track, leaned on the mini-wall next to me and waited for him to pass.

Nakatungo lang ako... kinakabahan.

Parang nanuyo bigla ang lalamunan ko nang makita ko yung paa nya na tumigil sa harapan ko. Nanlaki ang mata ko noon but I didn’t tilt my chin up... afraid of what I’d see, afraid of what I’d say... afraid of what I’d feel.

“Good morning,” I heard him say.

“G-Go... G-Good morning...” pabulong kong sagot.

Pero nakaalis na sya.

--

Ang pinakamalalang pangyayari? Nagkabungguan kami. Muntik na akong mabara pero nahawakan nya ako sa tigkabilang siko ko. And the electricity? I could light a thousand light bulbs with it.

Nagkatinginan kami.

“Sorry Zelle...” he said.

Nagulat ako. Kilala nya pala ako sa pangalan ko...

Hindi na ako nakapagsalita. Tumango na lang ako basta. He smiled at me and gently let go of my elbows. Tapos ay saka sya nagpatuloy paglalakad. Ewan ko... alam nya na sigurong patay na patay ako sa kanya. And maybe I’m just one of the many who likes him. At siguro nga hindi na yun bago sa kanya.

Sige Simon... ikaw na.

Pero sa kabila nun, masaya ako. Alam ni Simon ang pangalan ko...

--

Fourth year college na kami and yet I still have this feeling towards him. Gusto ko pa rin sya... gustong-gustong-gusto. Magkaklase na kami ngayon at kung noong una ay mahirap umiwas, ngayon ay wala na akong kawala.

Minsan ay nagkakatabi kami sa upuan, nagpapalitan ng papel sa checking ng quiz, nagiging group mates... nagpapasahan ng tagay...

Yung feeling na ako yung kasunod nyang tumagay...

Yung feeling na nakakuha ako ng isang indirect kiss...

Yung feeling na halos mabaliw ako sa kilig kakaisip sa kanya....

Hindi na normal ‘to.

Tumayo ako mula sa kumpulan naming magkakaklase para lumayo. Nag-overnight swimming kami kase birthday ng kaklase kong mayaman.

At ngayon nga, patuloy sila sa pag-iinuman.

“Hoy Zelle, saan ka pupunta?” tanong sa akin ni Seb, yung may birthday.

“Maglalangoy,” sabi ko.

“Mamaya na! Maglalaro pa tayo ng spin the bottle!”

Bigla akong kinabahan. Yang spin the bottle na yan... yan ang temptation na hinihingi ko. At ang alak? Lakas ng loob na kailangan ko. Kung bibigyan ako ng pagkakataong sabihin sa kanya ang nararamdaman ko, malamang sa hindi ay ngayong gabi na yun.

But I don’t want to take the risk. Baka pagkatapos nito, magmukha lang akong katawa-tawa.

“Kayo na lang,” tanggi ko sa kanila. Saka ako nagmadaling naglakad palayo.

Mga limang minuto pa lang siguro akong nakatubog sa tubig ng maakit ako sa mataas na slide na nasa gilid ng pool. Never pa akong nag-try mag-slide kase natatakot ako.

Umakyat ako sa taas noon. Naririnig ko pa silang naghahalakhakan mula sa kinatatayuan ko. Ang saya nila. I looked at the slide before me. I’m scared of the way it slithers... paano kung masyadong madulas at rumagasa ako pababa?

Paano kung mapasama ang bagsak ko at malunod ako?

“Takot ka noh?”

Napahigpit ang kapit ko sa railings nang marinig ko ang boses na yun. Nilingon ko pa rin sya kahit alam kong sya yun. Paano ko malilimutan ang boses nya eh linggo-linggo akong nagsisimba sa simbahan nila para lang marinig ko syang kumanta?

“M-Medyo,” sagot ko.

Ngumiti sya at pumwesto sa slide. Nahiga sya doon habang ang isa nyang kamay ay nakakapit sa dulo.

“Halika dali...” aya nya sa akin.

Umiling ako. “Hindi ko kaya...” Baka mahimatay ako sa kaba kapag nagkatabi kami.

“Kaya mo yan!” pang-e-encourage nya.

Napilitan akong umupo at dahan-dahang pumwesto sa tabi nya.

“Kapit ka sa ‘kin,” utos nya.

Ikinawit ko ang nanginginig kong mga kamay sa balikat nya. I felt his left hand on my waist.

“Ready?” he asked.

Alanganin akong tumango.

Then he let go...

Halos magsisigaw ako sa sobrang takot. But more than that, halos magsisigaw ako sa sobrang kaba. Niyayakap ako ni Simon.

Niyayakap ako ni Simon.

Niyayakap nya ako.

I heard a splash. And then we emerged from the water. I heard them cheer from the side of the pool. Some were taking pictures and videos.

“Kakaiba ka talaga Simon!” sigaw ng isa.

Tumawa si Simon at saka sya humarap sa ‘kin. “Okay ka lang?”

Tumango ako.

He went to the poolside at saka sya umahon. Then he reached for me and helped me out of the pool.

“Ay sayang... walang kiss?” narinig kong tanong ng isa. Muntik na akong matawa.

Pinagsasasabi nila? Kiss? LOL.

Simon laughed as he covered me with his towel. “Magsitigil nga kayo,” saway nya sa mga ito.

“Salamat,” pabulong kong sabi sa kanya.

“Wala yun,” matipid nyang sagot and then he went off to drink with them again.

--

Lumipas ang ilang buwan at sa wakas ay graduate na rin kami. Pagkatapos ng ceremony, agad naghilahan ang mga kabatch ko for picture taking.

“Zelle! Picturan mo naman kami ni Simon!” untag sa ‘kin ng isa kong classmate.

I obliged at saka itinutok ang SLR ko sa kanilang dalawa. Regalo yun sa ‘kin ni mama... at ang unang picture na kukunin ko ay picture ni Simon... at ng gilrfriend nya.

Yeah... it sucks, doesn’t it?

Pero ano namang magagawa ko? Hindi ko naman sinabi sa kanya... Hindi naman din nya ako gusto. Lumipas ang panahon at napakaraming pagkakataon na wala man lang akong ginawa. Ni hindi ako sumubok.

Siguro nga may pag-asang maging kami kung nagsabi ako sa kanya. Malay natin di ba?

Kaso wala eh... naunahan ako.

--

Lumipas ang limang taon at nakalimutan ko na rin si Simon. After college, dalawang taon pa ang ginugol ko para makalimutan sya. At unti-unti naman, nagawa ko. Wala na rin akong balita sa kanya. Kasal na ba sya? Ewan... wala naman akong mapagtanungan.

“Ma’am?”

“Yes?” I asked the waiter na bigla na lamang lumapit sa ‘kin.

“May nagpapabigay po,” nakangiti nitong sabi sa akin. Ipinatong nya sa lamesa ang isang heart-shaped cake and then he gave me a letter.

“Thanks,” I said to him.

When he was gone, binuksan ko ang sulat.

When you weren’t looking, you didn’t see me smile when you smiled.

When you weren’t looking, you didn’t see my heart break when you cried.

When you weren’t looking, you didn’t see my heart fall at the sight of you.

Though you weren’t looking, I knew you felt it too.

Now you’re not looking, I can see it in your eyes.

When I wasn’t looking, it’s you I fantasize.

Now look across, look at me.

Now tell me, what do you see?

Now that I’m looking, I’m feeling a familiar feeling.

Now that you’re looking, I think I know what you’re seeing.

Now we're both looking, I think it's a sign.

Maybe I'm meant to be yours and you're meant to be mine.

“Simon...” nasambit ko pagkatapos ng tula. He was just three tables from me. Nakangiti sya sa akin. He still looks the same... typical.

Yung lalaki na hindi ko tatapunan ng tingin kahit pa ubod ng gwapo.

But he’s just not handsome... he’s Simon.

Ang tipikal na gwapong lalaki na napiling mahalin ng pihikan kong puso. Nakakatawa talaga ang tadhana... pinagtagpo pa kami.

He stood up from his table and walked towards mine.

“May I sit down?” he asked.

“Sure,” I answered.

Maybe this was the chance that I’ve been asking for since third year college. Maybe this is the right time for us. Who knows, right?

Sabi nga nila... love works in mysterious ways...